# Kapangyarihang Bumago Ng Diyos

Tucson, Arizona USA

Setyembre 11, 1965

1 Salamat sa iyo Brother. [Nagsalita si Brother Williams—Ed.] Salamat sa iyo Brother Williams. Magandang umaga, mga kaibigan. Ako'y . . . Ang pamilya Shakarian, sina Brother Williams, at Sister Williams at marami pang naririto, alam nila ang tungkol dito. Nakita ko sa isang pangitain, mga dalawa, tatlong taon bago siya nagkasakit, at ito ay nangyari. 2 At nung nakaraang taong naririto kami, Enero yata iyon, sa kumbensyon, nang naririto ang paring iyon (Anong pangalan niya? Nakalimutan ko na ang pangalan niya.). [May nagsabing, "Stanley."—Ed.] Stanley, Bishop Stanley, mula sa simbahang Catolico. Naaalala n'yo ba nang dalhin niya sa akin ang Biblia, alam n'yo na, at nagsalita siya sa akin. 3 May ilang nagpropesiyang, "Anak ko, ikaw ay magaling na." At alam niyang sinabi sa pangitaing hindi na siya gagaling. "Mamatay na siya sa pagitan ng ikalawa at ikatlo ng umaga." Naaalala n'yo ba iyon? Kaya sa ganap na ikalawa o ikatlo . . .

2 At hindi ko masabi kay Demos. Ngunit nasabi ko na sa kaniyang madrasta, sa silid na nasa pagtawid ng lugar na ito. Ang sabi ko, "Hindi na siya gagaling." 5 Ang sabi ni Mrs. Shakarian, "Buweno, ang bawat isa'y nagpopropesiya." Ang sabi ko, "Maaari ngang nagkamali rin ako, ngunit sinabi kong hindi na siya gagaling." 6 Sinabi ko ito sa karamihan. Mga tatlong taon na ang nakararaan nakita ko siyang tumatakbo para sa kaniyang buhay, at siya'y naratay. At itinaas niya ang kaniyang mga kamay at sumigaw sa akin, nang ganiyan. At hindi ko siya maabot. At nakita ko siyang namatay. At paglingon ko; may isang bagay, mayroon doong isang orasan, na ang oras ay nasa pagitan ng alas dos at alas tres."7 Kaya't ang sabi ng Obispo, "Buweno, babantayan ko na lang at titignan kung papaano iyan matutupad." At natupad nga iyon.

3 Tunay ngang nalulungkot tayo. Nadarama kong nawalan tayo ng isang dakilang tao kay Sister Florence Shakarian. Isa siyang mahusay na mangaawit; isa siyang babaeng puspos ng Espiritu Santo. 9 Nakasama ko dati ang kaniyang ina; ang ina niya ay isa sa mga una kong kontak sa kanlurang baybayin, nang mapagaling ang kaniyang ina. Nang ang mga duktor ay . . . Na-coma siya noon at namamaga na. Kaya't ang sabi sa akin ng duktor na naroroon, "Maging matahimik na matahimik ka kapag

nanalangin ka. Huwag kang masyadong maingay. Ang babaeng iyan ay naghihingalo na." Ang sabi ko, "Opo." 10 At ang sabi pa . . . Patuloy niya akong pinagsasabihan. At, aba'y, hindi na ako nagkaroon ng pagkakataong ibuka ang aking bibig.

4 Kaya't si Brother Demos na ang nagsabi sa akin na tumuloy na lang ako at pumanik sa hagdanan. 12 Kaya pumanik ako. At nakaluhod si Florence sa sahig, magandang batang babae pa siya noon, kasama ang ilan pang mga kababaihan. Lumapit ako at ipinanalangin ko siya, at sinabihan. Wala siyang malay at sinabi ko sa kaniya na magbabangon siyang muli. At nangyari nga iyon. Pagkatapos ng dalawang taon, namatay siya. At ngayon, sumasagot ang Diyos sa ating mga panalangin. 13 At alam natin iyan, naniniwala tayong naparito tayong lahat sa kalooban ng Diyos, at ganiyan tayong lilisan. Isa-isa, tatawirin natin ang pintuang iyon. Iyan ang dahilan kaya't nagkakatipon tayo ngayong umaga dito sa Christian Business Men's Fellowship, upang mangusap at paghandaan ang tungkol sa mga bagay na ito, dahil alam nating tiyak na darating ang mga ito.

5 Ngayon, si Sister Florence ay isang bata pang babae, apatnapu't dalawang taon, ang sabi sa akin ni Brother Williams, napakabata pa. Ngunit bago pa nila—alam na niya na mayroon siyang ganitong sakit, dahil nakita ko siya sa pangitain at nasabi sa akin kung anong kahihinatnan niya. At magkakagayon na nga. Alam lahat ng Diyos ang tungkol doon, at nakita niya si Jesus sa silid bago siya lumisan. Sadyang ayaw na nating manalangin para sa kaniya, sapagkat lubos na nating nagawa iyon. Nais na lang nating pasalamatan ang Diyos dahil sa isang buhay na napasa ating kalagitnaan, na nagbigay inspirasyon sa ating lahat, tulad ni Sister Shakarian. 15 At nais nating ipanalangin sina Brother Demos at Sister Rose. Alalahanin nating nabayo sila nang matindi sa kanilang buhay nitong nakaraang . . . Ang ama niya muna, at kapatid na babae naman niya ngayon sa loob ng mga taong nagdaan. Ang . . . At kayo . . . Oo . . . [May nangusap kay Brother Branham—Ed.] Wala pang, wala pang . . . Sampung buwan . . . At pati rin si Sister Edna . . .

6 Kaya't alam ko kung papaanong magsimpatya kay Brother Demos. May ama ako, kapatid, asawa, at anak na lumisan nang ilang araw lang ang mga pagitan, kaya't alam ko kung anong nararamdaman niya ngayong umaga. Malalaman mo lang kapag dumanas ka ng kaparehong bagay; diyan mo malalaman kung papaanong magsimpatiya. At . . .

[Nag-iingay ang amplifying system—Ed.] Ako ang may gawa no'n. Pagpaumanhinan n'yo ako. May maliit na gamit dito na tinamaan ng aking kamay. Kaya pasensya na kayo na napalakas ko nang husto, at hindi ko sinasadya . . . 18 Magsitayo na tayo ngayon habang tayo'y—kung mamarapatin n'yo, kung ito'y . . . Magsiyuko tayo.

7 Makalangit naming Ama, nagkakatipon kami rito ngayong umaga upang sambahin Ka, at pasalamatan at purihin Ka dahil sa pagsusugo Mo kay Jesus na aming Manunubos, na kami ay may pag-asa matapos

ang buhay na ito, dahil nakikita naming sadyang di tiyak na kami ay mabubuhay dito palagi. At Ama, ang makita ang abang kalagayang maaaring kasadlakan ng mga katawang ito, nagagalak kaming hindi namin kailangang manatili rito sa lahat ng panahon. Ikaw ay gumawa ng daan ng pagtakas sa lambak ng kamatayan. 20 Ama, nagpapasalamat kami sa Iyo ngayong umaga dahil sa buhay ng isa sa amin na nakasama naming tumayo wala pang isang taon ang lumilipas, upang umawit ng mga papuri sa Iyo: si Sister Florence Shakarian, gaya ng pagkakilala namin sa kaniya. At matagal Mo nang sinabi sa amin bago pa man, ilang taon din, na ito ay magaganap, upang hindi namin ito ikagulat nang husto. At alam naming anumang sabihin Mo ay totoo. At sinasabi ng Iyong Salita, "Ang taong ipinanganak ng babae, ay sa kaunting araw at lipos ng kabagabagan." Nalalaman naming totoo rin iyan, Panginoon. Alam naming kailangan naming lumusong lahat sa lambak na iyon. Kaya't pinasasalamatan Ka namin sa kaniyang buhay na naparito sa lupa. At naniniwala kami sa pamamagitan ng pananampalataya, na ngayon, sa umagang ito ay lumipat na siya mula sa miserableng bahay-pesteng ito patungo sa isang maluwalhating katawang hindi na kailan man maaaring magkasakit. At ang talento niya ng pag-awit, at ang tinig niyang taglay, at ang kaniyang espiritung masaganang biniyayaan ni Cristo . . . At kung makababalik siya ngayong umaga, hindi niya ito gagawin sa anumang paraan; kakailanganin niya muling danasin ang lahat ng ito. At, ngayon ito'y natapos na, kapiling na siya ng kaniyang ina at ama. Tinawag nila ang kanilang anak, para umuwi na. Kaya't pinasasalamatan Ka namin.

8 Nais din naming manalangin ng kaaliwan, para sa aming Kapatid na Shakarian, ang mahal naming kapatid, nalalaman naming ang buhay na kaniyang ipinamuhay, at ang mga matinding pagdurusang kaniyang dinaanan nitong mga huling araw, at kung papaanong siya'y . . . Ang makita siyang tumatanda na, at ang kaniyang buhok ay nauubos na, at ang kaniyang mga balikat ay nahuhukot na, ngunit gayunpaman ay nagsisikap pa ring manatili sa bukirin para sa Diyos, Diyos, pagkalooban Mo po siya ng kalakasan sa araw

na ito. Idinadalangin namin, Diyos, na itulot Mo ito. Ipinapanalangin namin ang lahat ng nangungulila dahil sa kaniyang paglisan. 22 At hayaan Mo po, Panginoon, na habang pinag-iisipan namin ito, na maalala naming kami rin ay kailangang lumisan isang araw. Habang nakaupo kaming magkakasama rito sa Presensiya ng Panginoong Jesus, hinihiling naming sariwain Mo po ito sa aming alaala. At hayaan Mo po kaming magsuri, tulad ng una, o mag-imbentaryo ng aming mga buhay, nang kami ay mapasa silong ng Dugo at mapasa pananampalataya. Itulot Mo po ito, Panginoon.

9 Ngayon, sa pagsisikap ko sa ilalim ng mga sirkumstansyang ito na makapaghatid ng isang munting mensahe sa mga tao, dalangin kong tulungan Mo ako, Panginoon. Palakasin Mo ako, sapagkat kailangan ko po iyon, Panginoon. At idinadalangin kong itulot Mo po ito. At may masabi nawang magpaparangal sa Iyo. At kung mayroong sinumang nasa ilalim ng tunog ng aking tinig ngayong umaga, na hindi pa handang humarap sa oras na nasa kanilang unahan, maging ito nawa ang pagkakataong sila ay sumuko sa Kaniya na nagsabing, "Ako ang Daan, ang Buhay, ang Katotohanan," na walang iba kundi ang aming Panginoong Jesus Cristo. Sapagkat hinihiling namin ito sa Kaniyang Pangalan. Amen. (Magsiupo na kayo.)

10 [May kumausap kay Brother Branham—Ed.] Gustong malaman ng kapatid natin dito kung nakaririnig nang maayos ang bawat isa. Dalawang mikropono ang kaniyang binuksan. Ayos ba iyon? Naririnig n'yo ba? Itaas n'yo ang inyong mga kamay kung naririnig n'yo. Naririnig n'yo ba? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Mabuti. 25 Ikinalulungkot kong wala tayong lugar para maupuan ng bawat isa ngayong umaga. At nagtitiwala tayong hindi ako magtatagal nang husto dito, sapat lang upang marahil ay mahatiran tayo ng pagbasa ng Salita; pararangalan ng Panginoong Diyos ang Kaniyang Salitang binabasa, at pagkakalooban Niya tayo ng Kanyang biyaya, na maipaglilingkod natin sa Kaniya.

11 Ngayon, sinabihan ako ni Billy Paul kaninang umaga, na maaari tayonng makapangusap sa susunod na Linggo sa Grantway Assembly of God sa Tucson. Kung mayroon ditong taga Tucson, marahil ay hindi tayo magkita sa linggong ito. Magtutungo ako sa Grantway Assembly of God sa susunod na Linggo. 27 Kagagaling lang namin sa silangan, at medyo nagkasakit ako nang kaunti sa malabis na pagkain, dahil sa sobrang kagandahang loob ng mga tao sa kabundukan. Nagkasakit ako, kaya't hindi naging maganda ang pakiramdam ko nitong linggong ito. Kaya't ipanalangin n'yo ako.

12 At . . .

[May nagsabi, "Nasobrahan sa opossum."—Ed.] Anong sabi mo? ["Nasobrahan sa opossum."—Ed.] Si Brother Carl Williams na may sense of humor, palagay ko kailangan natin iyon ngayon; ang sabi niya, "Nasobrahan sa opossum." Ewan ko lang, Brother Carl, pero naparami ng squirrel. 29 Nais nating manalangin para sa kung kanino man ngayong umaga, aba'y, tunay ngang pahahalagahan ko, kung ilan sa mga panalangin n'yo ay para sa akin, sapagkat kailangan ko iyon. 30 Ngayon, nais nating magtungo na kaagad sa Salita.

13 At ayaw kong pagtagalin kayo nang husto rito, sapagkat sa paniwala ko'y nakikinig sila sa buong bansa sa pamamagitan ng telepono ngayong umaga, umaabot ito mula kanlurang baybayin hanggang silangang baybayin, mula sa hilaga tungong timog. Napakaraming mga pagtitipon ang may ganitong

akomodasyon tulad ng mayroon kayo ngayon dito sa Tabernakulo. Nakasubaybay din sila sa Phoenix, saan man naroroon ang mga gawain, napakikinggan ito sa . . . At nagkakatipon sila sa mga simbahan at sa mga tahanan, at iba pang tulad niyan, sa pamamagitan ng isang napakagandang paraan. Ang sabi nila mas mainam pa raw ito kaysa sa isang brodkas. Ito'y ang pakikinig sa pamamagitan ng telepono; naglalagay sila ng isang receiver o ng isang mikropono, o kung anuman iyon, sa silid. At kanilang . . . Ang sabi ng aking maybahay, pagkagaling niya sa Indiana nung nakaraan linggo, doon sa Tucson, para rin daw naroroon ka mismo sa loob ng silid. Kaya idinadalangin nating pagpalain ng Diyos lahat ng nasa linya ngayong umaga, saan man sila naroroon. Doon sa New York ay magdadapit-hapon na, at magkakaiba ang oras sa pagtawid nito sa buong bansa.

14 Ngayon, sa Aklat ng Mga Taga Roma, sa ika-12 kabanata at sa una at ikalawang talata, nais nating basahin ang Kasulatang ito. Kaya nga , mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong giharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba. At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at ganap . . . mabuti, kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios. 32 Ngayon, kung loloobin ng Panginoon, nais kong kunin ang paksa ko para sa umagang ito: “Ang Kapangyarihang Bumago Ng Diyos.” Na huwag kayong magsiayon sa sanlibutang ito: ngunit mag . . . mag-iba kayo sa

pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip, . . . (ngayon) at mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti, ganap, at kaayaayang kalooban ng Diyos.

15 Isa itong dati na at pamilyar na tekstong ginamit ng marami sa inyong mga pastor nung nagdaang panahon. Ngunit, isang bagay sa Salita ng Diyos, hindi Ito naluluma, sapagkat ito'y Diyos. Hindi Ito naluluma. Sa bawat henerasyong nagdaan sa halos mga dalawampu't walong daang taon na o higit pa, ang Salitang ito ng Diyos ay binasa ng mga tao, mga pari, at iba pa, at hindi ito kailan man naluluma. Tatlumpu't limang taon ko na rin itong binabasa. At sa tuwing babasahin ko Ito, mayroon akong bagong nakikita na nalampasan ko nung una. Sapagkat Ito ay kinasihan. Ito ay Diyos sa anyong titik. Kita n'yo, mga katangian ito ng Diyos na ipinahayag at inilagay sa papel.

16 Maraming beses sinasabi ng mga tao, “Buweno, tao ang sumulat ng Biblia.” Hindi. Ang Biblia mismo ang nagsasabing Diyos ang sumulat Nito. Ito ang Salita ng Diyos. At ito'y . . . 35 Hindi Ito kailan man mabibigo. Ang sabi ni Jesus, “Langit at lupa ay maaaring mabigo, lilipas, ngunit ang Aking mga Salita ay hindi mabibigo.” Hindi Ito mabibigo sa pagiging Diyos, sapagkat Ito'y bahagi Niya. 36 At kayo bilang mga anak niyang lalaki at babae, bahagi rin kayo Nito; bahagi Niya kayo dahil diyan. Kaya't nagsasama-sama tayo sa paligid ng Salita ng Diyos.

17 Ngayon, ang salitang ito na “nabago” (transformed), ay tinignan ko sa diksyunaryo kahapon nang halos ay di ko na namalayan ang oras na dapat ay maparito ako, nung naghahanap ako ng isang teksto. At nakita ko ang salitang ito, o ang tekstong ito, pala, ang Kasulatan. At sinasabi sa diksyunaryo na ito ay “isang bagay na nabago.” Ito'y ang “mabago, mag-iba ng anyo, maiba sa dati.” “Ang katangian at lahat ng naririto ay nabago”: ang baguhin (to transform).

18 At iniisip ko kaninang umaga, sa Genesis 1. Ang mundong ito ay walang anyo, at walang laman; natatakpan ng kadiliman ang ibabaw ng lupa, ganap ang kaguluhan. At nang ang mundong ito ay nasa gayong kalagayan, ang Espiritu ng Diyos ay kumilos sa ibabaw ng tubig, at nabago ang buong larawan nito mula sa kaguluhan patungo sa isang halamanan ng Eden. Ang kapangyarihang bumago ng Diyos, na nakagagawang kumuha ng isang bagay na walang kabuluhan at gumawa ng isang kamangha-manghang bagay mula rito, kapangyarihang bumago ng Diyos . . .

19 At nauunawaan natin sa pagbabasa ng Kasulatan, na anim na libong taong hinanda ng Diyos ang Eden na ito. Ngayon, maaaring hindi Siya nagtagal ng

gayon; ngunit nagpapalagay lang tayo, at kinukuha natin iyon sa Kasulatang nagsasabing ang isang araw sa Diyos ay isang libong taon sa lupa, 'yun ay, kung magbibilang ang Diyos ng panahon. At sabihin nating anim na libong taon Niyang ginawa ang mundo, at itinanim Niya lahat ng mabubuting binhi sa lupa. Ang lahat ay sadyang sakdal. 40 Sa palagay ko, kadalasan, kapag sinisimulang basahin ng mga kritiko ang Aklat ng Genesis, pinupulaan nila Ito, sapagkat tila Ito'y paulit-ulit, o pinapadpad ka paroo't parito. Kung mapapansin lang natin sandali, bago tayo magtungo sa ating teksto, na si Moises ang nakakita ng pangitain. At ang Diyos ay nangusap sa kaniya. 41 Nangusap ang Diyos kay Moises nang mukhaan, bibig sa tainga. Ngayon, hindi siya nangusap kanino man tulad ng ginawa Niya kay Moises. Si Moises ay isang dakilang, isa sa mga pinakadakilang propeta. Katipo Siya ni Cristo. 42 At ngayon, magagawang magsalita ng Diyos, mayroon Siyang tinig. Narinig na ito. Maaaring magsalita ang Diyos

20 At maaaring sumulat ang Diyos. Sinulat ng Diyos ang sampung utos sa pamamagitan ng Kaniyang Sariling daliri. Sumulat Siya minsan sa pader ng Babilonia minsan sa pamamagitan ng Kaniyang daliri. Yumukod siya at sumulat sa buhangin minsan sa pamamagitan ng Kaniyang daliri. Magagawang magsalita ng Diyos. Magagawang bumasa ng Diyos. Magagawang sumulat ng Diyos. Ang Diyos ang Bukal ng lahat

ng biyaya at kapangyarihan, at lahat ng Makalangit na karunungan ay nasa Diyos. Kaya nga, dahil nalalaman nating Siya ang tanging Manlilikha . . . Wala nang ibang manlilikha maliban sa Diyos. Hindi kayang lumikha ni Satanas, sa anumang paraan; binabaluktot lang niya kung ano'ng nalikha na. Ngunit ang Diyos ang tanging Manlilikha. 43 Samakatuwid, lumikha Siya sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Isinugo Niya ang Kaniyang Salita. Kaya lahat ng mga binhing inilagay Niya sa ibabaw ng lupa, nilikha Niya ang mga binhing iyon sa pamamagitan ng Kaniyang Sariling Salita, sapagkat wala nang iba pang pagmumulan ang binhi. 44 Siya ang naglagay ng mga ito, at ang mga ito ay nasa ilalim ng tubig. Sinabi Niya lang, "Magkaroon ng ganito, magkaroon ng ganiyan."

21 Ngayon, makikita nating kadalasan ay parang paulit-ulit ang Biblia o nagsasaad ng isang bagay na hindi Nito sinasabi . . . Halimbawa, sa Genesis 1 makikita nating, "Nilikha ng Diyos ang tao sa Kaniyang Sariling larawan, sa larawan ng Diyos siya'y nilikha Niya; lalaki't babae nilikha Niya sila." At nagpatuloy Siya, at maraming bagay na naganap sa ibabaw ng lupa. 46 At nalaman nating walang taong bumubungkal ng lupa. Nang magkagayon ay nilikha ng Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa. Ibang tao

iyon. At hiningahan Niya siya ng espiritu ng buhay, at siya'y naging isang kaluluwang may buhay.

22 Ang unang tao ay nasa larawan ng Diyos, na Espiritu, ang sabi ng Juan 4, "Ang Diyos ay isang Espiritu, at ang mga sumasamba sa Kaniya ay dapat sumamba sa Kaniya sa Espiritu at Katotohanan." Ngunit ang Diyos ay isang Espiritu. At ang unang taong nilikha Niya ay espiritung-tao, at siya ay nasa larawan at wangis ng Diyos. 48 At pagkatapos ay inilagay Niya ang taong ito sa laman, at ang tao ay nahulog. Kaya't ang Diyos ay nanaog at napasalarawan ng tao, upang matubos Niya ang nahulog na tao. Iyan ang tunay na kuwento ng Ebanghelyo, sa aking pakiwari.

23 Ngayon, ang Diyos, sa loob ng anim na libong taon ay nagtanim ng lahat ng mga kamangha-manghang mga binhing ito, o ipinangusap Niya ang Kaniyang Salita. "Ito'y magkakaganito. Magkakaganito ang punong ito. Ito ay magkakaganito." Ang lahat ay sakdal. Sadyang mabuti. At inutusan Niya ang bawat isa sa mga binhing iyon na mabago patungo sa halamang ayon sa uri ng buhay na binigkas ng Salita ng Diyos na dapat mapasakanila. Kung iyon ay isang oak tree, ito ay magsisibol ng isang oak. Kung iyon ay sasa, magsisibol iyon ng sasa. 50 Sapagkat basta't isinugo ng Diyos ang Kaniyang Salita, at ang Salitang binhi ay naroroon na bago maanyuan ang tunay na binhi. Kita n'yo, ginawa Niya ang mundo mula sa mga bagay na hindi nakikita. Kita n'yo, ginawa Niya ang mundo sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Ipinangusap ng Diyos ang bawat bagay at nagsilitaw ang mga ito.

24 At bilang Diyos, na Manliklikha, na nagsalita upang magsilitaw ang lahat ng bagay, tiyak na isang sakdal na mundo iyon. Napakagandang lugar niyon. Isa iyong tunay na paraiso dito sa ibabaw ng lupa. 52 Ngayon, kung papaanong ang bawat lugar ay kailangang magkaroon ng punong himpilan . . . Ang kumbensyong ito ay may punong himpilan, at ang tsapter na ito ay may punong himpilan. Ang Diyos ay may punong himpilan. At gayudin ang dakilang bansang ito na ating tinitirhan, mayroon itong punong himpilan. Kung kaya't ang dakilang Eden na ito ay mayroon din punong himpilan, at ang punong himpilang ito ay patungo sa halamanan ng Eden, o nasa Eden, sa silanganan ng hardin. 53 At inilagay Niya rito, upang pamunuan ang Kaniyang dakilang sannilikha sa lupa, ang Kaniyang anak na lalaki at ang kaniyang nobya, sina Adan at Eva.

25 Ang Diyos ang Ama ni Adan. Siya ay anak na lalaki ng Diyos, ayon sa Kasulatan. Anak na lalaki siya ng Diyos. At ginawan siya ng Diyos ng isang

katuwang mula sa kaniyang sariling katawan, marahil ay isang tadyang na nakatakip sa kaniyang puso, nang sa gayon ay maging malapit siya sa kaniya; at ginawan siya ng isang katuwang. 55 Hindi pa naman niya talaga iyon asawang babae, kung papaanong hindi pa rin siya asawang lalaki; ipinangusap Niya lang ito. At doon dumating ang problema, nauna siyang nasumpungan ni Satanas bago ni Adan. Kaya Salita Niya lang iyon na binigkas.

26 Sinasabi ko iyan, ayaw kong gumugol masyado ng panahon tungkol dito. Ngunit ilan sa inyo marahil ay malilito nang kaunti, lalo na ang ilang mga tagatimog, tila nasusumpungan nilang medyo nakalilito sa mga tao ang mensaheng taglay ko mula sa Diyos, ang tungkol sa binhi ng serpente. At ako ay uuwi, kung loloobin ng Panginoon, isa sa mga araw na ito, sa Jeffersonville. Nais ko ng isang mga anim na oras na mensahe at itutuwid ko ang lahat na iyan (Kita n'yo?), nang sa gayon ay mailagay ito sa anyong malalaman n'yo kung anong ipinangungusap natin. At ito'y SABI NG PANGINOON. Sintotoo rin ito nang makita ko si Sister Florence bago siya pumanaw, ilang taon na ang nakararaan. Kita n'yo, ito ang Katotohanan. At ngayon, tayo'y . . . Marahil ay namamali ang unawa nila rito.

27 Kung may lalapit sa akin na may isang bagay na salungat, medyo hindi ko rin ito lubusang mauunawaan. Ayaw kong mamula sa sinasabi ninuman. Hindi tayo dapat mamula sa isa't isa. Hindi ako nagkasala ng paggawa ng ganiyan; pinasasalamatan ko ang Panginoon. Pinulaan ko ang kasalanan at di pananampalataya, ngunit hindi ang indibiduwal na tao (Kita n'yo?); hindi ko ginagawa iyon. Tayo'y magkakapatid, na nagsisikap; pupunta tayo sa pinuntahan ni Sister Florence kahapon ng umaga. Kita n'yo, kailangan nating dumating lahat sa gawing iyon. At hindi ko layuning pulaan ang isang kapatid na

lalaki o babae na ayaw sumang-ayon sa iyo. Hindi, huwag nawang mangyaring gawin ko iyan. Palagay ko'y hindi kayo makasusumpong ng isang tape kung saan ay nagbanggit ako ng pangalan ninuman. At, bagama't madalas sa pakiwari ko'y mali ang taong iyon, ngunit iyon ay sa pagitan na nila ng Diyos. Ngunit ang mali, sa pamamaraan ng kasalanan at di pagkakaunawaan ang tinutuligsa ko. Minsan ni hindi nga ito kasalanan; mga di lang pagkakaunawaan ng mga tao. At sa palagay ko ang bawat isa sa atin ay may karapatang maghayag ng ating sarili ayon sa ating pagkaunawa.

28 Ngayon, ang dakilang Manlilikha ang nagpuwesto sa Kaniyang nilikhang anak na lalaki. Ngayon, si Adan ang una Niyang nilikhang anak. Si Jesus ay Kaniyang bugtong na Anak. Kita n'yo, isinilang Siya ng isang babae. Ngunit si Adan ay direktang nagmula sa kamay ng Diyos sa paglikha.

Ngayon, ang punong himpilan, na kinaroroonan ng Kaniyang anak at nobya ng Kaniyang anak bilang pangulo, mukhang napakasakdal nito. Naroroon ang lalaki, pangulo ng lahat, Kaniyang Sariling anak at ang kaniyang nobya. At ang bawat binhi ay sakdal, ang mga sasa, at mga oak, at mga damo, at ang mga ibon, at ang mga hayop. 60 At ang bawat bagay ay ganap na nakaayon sa utos ng Diyos, "Huwag n'yong baguhin ang inyong kalikasan. Mamunga kayo ng ayon sa inyong uri, bawat binhi. Oak, huwag na huwag kang mababaluktot patungo sa pagiging isang pawpaw tree. Kita n'yo? "Sasa, huwag kang mabaluktot para maiba. Kundi ang bawat binhi ay ayon sa kaniyang uri . . ."

29 At binantayan Niya ito sa mga panahong binigkas Niya ang Salita. 61 At ang Kaniyang dakilang kapangyaring lumikha ang bumuo sa mga bagay na sumibol, at maging sa lalaki at babae. At sila ang pangulo sapagkat sila ay higit na mataas kaysa sa lahat ng iba pang mga lahi. At inilagay Niya rin ang mga ito sa pangangalaga niyaong pinapag-alaga Niya ng mga punong kahoy, mga hayop, at iba pa: ang Kaniyang Salita. Hindi nila dapat labagin kailan man, sa anumang paraan, ang Salita." 62 At habang nabubuhay ang sannilikha nang ganiyan, hindi sana kailangang lumisan ni Sister Shakarian kaninang umaga. Habang nananatili ang mga ito nang gayon, ang dakilang ekonomiya ng Diyos . . . Naniniwala tayong pabalik tayo roon. Magbabalik tayo sa dakong iyon, sa lugar na iyon kung saan sa ikapitong araw ay tinignan ng Diyos ang lahat, at sinabi Niya, "Mabuti. Nalulugod ako. Oo, nagagalak Akong ginawa ko ito. At ang lahat ay kontrolado na. At pinagtiwalaan Ko ang Aking anak at ang kaniyang asawa, na kanilang . . . Ginawa ko silang pangulo ng lahat, babantayan nila ang lahat at titiyaking maayos, na ang lahat ay mamumunga ng ayon sa uri nito. Ngayon, may kapangyarihan siyang gawin iyon." At sinabi ng Diyos, "Buweno, kung napakabuti ng lahat, at hindi maaaring maging iba pa, sapagkat ito'y Sarili Kong pagnanasa. Ganiyan ko ito ninais. Binigkas Ko ito nang ganiyan, at tinupad ng Aking mga Salita nang ayon na ayon sa Aking ninais. At hayan na nga. Ang lahat ay mabuti." 63 Kaya ang sabi ng Biblia, "Nagpahinga ang Diyos nang ikapitong araw sa lahat ng Kaniyang mga gawa."

30 At ang bawat bagay ay kontrolado upang mamunga ng ayon sa uri nito . . . Ngayon, alalahanin, upang maghatid . . . Nang ilagay Niya ang binhi sa lupa, ang binhi ay sisibol lamang sa kapangyarihan ng buhay na napapaloob dito upang mabago ito mula sa isang binhi patungo sa isang halaman, o sa kung anuman iyon. Ang kapangyarihan Niyang bumago . . . Ngayon, naglagay ang Diyos ng binhi roon na may taglay na potensyal na maging kung anuman ang

sinabi Niyang kalalabasan nito. At habang nananatili ito sa kaniyang kategorya, ito'y magiging katulad na katulad ng sinabi ng Diyos. Kinakailangang magkaganiyan, sapagkat ginawa Niya iyon nang gayon, at gumawa Siya ng isang daluyan, na anumang mananatili sa Kaniyang daluyan na kahanay ng Kaniyang Salita, ay mamumunga't mamumunga ng ayon na ayon sa sinabi ng Kaniyang Salita. Hindi iyon maaaring malihis kung ito'y ganap na nakadaloy nang wasto. Kaya sa pagkakatiwala sa Kaniyang Sariling anak, na magkakagayon nga, ay sinabi ng Diyos, "Ang lahat ay mabuti, kaya't magpapahinga na lang Ako. At ang bawat isa sa mga binhing iyon ay may kapangyarihan na baguhin ang sarili patungo sa uri ng nilalang na ninanasa Ko. Dapat na magkaganiyan, sapagkat binigyan Ko ng kapangyarihang magbago ang bawat binhi upang mailabas sa sarili kung anong kasalukuyang potensyal na taglay nito, upang mailabas sa sarili ang ayon na ayon sa nais kong kalabasan nito." 65 Hindi kailan man nagbago ang Diyos: tulad pa rin Siya ng dati sa araw na ito. Determinado ang Diyos na gumawa ng isang bagay. Gagawin Niya iyon. Walang makapipigil sa Kaniya. Gagawin Niya iyon.

31 Ngayon, matapos na lubusang itong maisaayos, natiyak ng Diyos na magiging maayos na ang lahat; at nang magkagayon, saka naman pumasok ang kaaway. Aking . . . Nagbigay ang Diyos ng kapangyarihang magbago. At tatawagin ko ang lalaking ito na may kapangyarihang—hindi muling lumikha, ngunit aking . . . May kapangyarihan siyang sumira ng anyo, hindi bumago ng anyo, kundi sumira ng anyo. Ngayon, anumang nasira ang anyo ay nawala sa kaniyang orihinal na kalagayan; may maling nangyari dito. 67 Ilang taon na ang nakararaan nang ako ay nagpapatrulya, ginagalugad ko ang kabukiran ng mais. Naiiisip ko ang isang sanga na natanggal sa puno dahil sa ihip ng hangin, at dumagan sa isang tangkay ng mais. At sinisikap ng tangkay na tumindig ng matuwid tulad ng nararapat, ngunit nasira na ang anyo nito, sapagkat may nangyari. At ang sanga ay nakadagan dito.

32 At nakakikita tayo ng mga galang baging sa kabukiran. Marami sa inyong mga kalalakihan dito, at marahil ilan sa inyong mga kababaihan kung kayo'y taga Kentucky. Gumagamit ang mga kababaihan doon

ng asarol tulad ng lalaki, nagpupunta sila sa bukid na may dalang asarol, na kung tawagin namin at gooseneck hoe, at tinatagpas nila ang mga baging na iyon. Sapagkat kapag hindi mo tinanggal ang mga baging na iyon sa hanay ng mais, nang ganiyan, aakyat iyon, hahawak sa mais at pupulupot nang unti-unti, dahan-dahan, at palihim, na hindi mo halos mapansing ito'y pumupulupot na. At sa bandang huli pahigpit ito nang pahigpit, at hinahaltak nito ang mais hanggang masira na

ang hugis, hinihigit, at ipinupulupot sa sarili nitong baging, sinisira ang dating anyo. Mais pa rin ito, ngunit ito'y mais na nasira na ang anyo.

33 At lahat tayo ay nasa larawan pa rin ng Diyos. Ngunit ang ilan ay lubos nang nasira ang anyo bilang mga anak ng Diyos, na lumalakad nang salungat sa Kaniyang Salita at sa daang ipinagkaloob Niya upang ating lakaran. Naglalagay siya ng isang bagay, pinipilipit tayo ng sanlibutan papalihis sa daang iyon, inilalapit tayo sa kaniya, at papalayo sa matuwid, makitid na hanay na pinagtamnan sa atin, upang maging mga anak na lalaki at babae ng Diyos . . . Ang kasalanan ang gumawa ng kasamaang ito sa mga anak na lalaki at babae ng Diyos.

34 Ang "deformer," alam kong tila di karaniwan ang mangusap nang ganito, "ang mag-deform." Ngunit iyon nga siya; siya ay nanira ng anyo at nambaluktot. Ang "pervert" ay nangangahulugang "mabago, maiba." At ang deform ay gano'n din, na ito'y nabago at nasira ang anyo, at naiba. Pareho pa ring binhi, ngunit nasira na ang anyo. 71 Ngayon, makikita nating ang deformer na ito ay nanira nang sintagal ng pagbuo ng Diyos. Ngayon, nagtanim siya ng kaniyang binhi, o, hindi pala siya nagtanim ng kaniyang binhi, siya'y . . . Sa halamanan ng Eden . . . Magmula noon, nagkaroon siya ng anim na libong taon ng paninira sa anyo ng Binhi ng Diyos, ang Salita ng Diyos: upang papangitin Ito, ibahin; nang siya'y . . . Nung unang makinig si Eva sa kaniya, at tumanggap ng isang munting parirala. . .

35 Alalahanin, nung una ay sinipi ni Satanas nang napakalinaw ang Kasulatan, "Sinabi ba ng Diyos, 'Maaari kayong kumain mula sa bawat punong kahoy na nasa halamanan ng Eden'?" Kita n'yo? "Hindi ba kayo maaaring kumain mula sa bawat punong kahoy?" 73 At alalahanin n'yo, ang sabi ni Eva, "Oo, maaari kaming kumain mula sa bawat punong kahoy; ngunit sa punong kahoy na nasa gitna ng halamanan, ni hindi namin dapat hipuin iyon." Ngayon, masdan n'yo kung papaano niyang pinilipit nang bahagya ang Salita sa kaniyang mensahe sa pagsasabing . . . Ang sabi ni Eva, "Sapagkat sinabi ng Diyos, na kapag ginawa namin iyon, sa araw ding iyon ay mamamatay kami." 74 Ang sabi niya, "Oh, tunay na hindi kayo mamamatay." Kita n'yo, isa siyang lalaki; ang sabi niya, "Ikaw, gawim mo na ito ngayon. At medyo ignorante kayong tao. Ikaw, sa totoo lang, hindi mo alam ang lahat ng bagay. Ngunit kung kakain ka lang nito, magkakaroon ka ng karunungan, magkakaroon ka ng kaalaman. Malalaman mo ang tama at mali at matutulad

ka sa Diyos (Kita n'yo?), kung babahagi ka lang ng karunungang ito na mayroon ako. Alam ko iyon, ngunit ikaw ay hindi."

36 At, mabuting magkaroon ng karunungan. Ngunit kung ang karunungan ay salungat, kung ang karunungang ito ay hindi tamang karunungang galing sa Diyos, Makalangit na karunungan, at magiging natural na karunungan . . . Wala akong pakialam kung gaano karaming siyensiya mayroon tayo, at iba pa, o edukasyon, ito'y sa diablo. Patutunayan ko ito sa inyo, kung loloobin ng Panginoon, sa loob ng ilang sandali. Sa diablo ito. 76 Ang sibilisasyon ay sa diablo. Katatapos ko lang mangaral tungkol diyan. Lahat ng kultura sa mundo, lahat ng kapangyarihan ng siyensiya, at lahat na, ay sa diablo. Ebanghelyo niya ang karunungang ipinangaral niya sa halamanan ng Eden. At kinuha niya ang kaalamang iyon, binaluktot na kaalaman, na salungat sa Salita, at kalooban, at plano ng Diyos, at ngayon ay nagkaroon na siya ng anim na libong taon upang gawin ang katulad na katulad ng ginawa ng Diyos, kaya lang sa baluktot na paraan, at gumugol siya ng kaparehong haba ng panahon upang ihatid ang kaniyang sariling Eden. Ngayon, mayroon na siyang Eden dito sa mundo, at puno ito ng karunungan, kaalaman. Iyon ang ebanghelyo niya sa pasimula, kaalaman, karunungan, siyensiya. Hindi kailan man nilingap ng Diyos ang gayon. Nais kong pagmasdan n'yo sandali. Ginawa niya ito, sapagkat isa siyang lalaki ng makamundong karunungan.

37 Ngayon, mahirap sabihin ito. Napakahirap, dahil nangungusap ako sa mga taong kapareho ko ang nararamdaman, at kinagawian sa loob ng maraming taon. Ngunit simula nang mabuksan ang Pitong Tatak, ng mga Anghel sa likuran ng bundok na iyon, Ito ay naging isa nang bagong Aklat. Ang mga bagay na naitago ay naihahayag tulad ng ipinangako ng Diyos sa Apocalipsis 10 na gagawin Niya. At tayo ang mga tao na nabigyan ng prebilehiyo na pinili ng Diyos sa mundo, upang ating makita at maunawaan ang mga bagay na ito; at hindi ito isang katha at makalamang pag-iisip ng isang tao na nag-iimbento lamang. Salita ito ng Diyos na nahayag, napatunayang tama. Napatunayan, hindi sa pamamagitan ng siyensiya, kundi ng Diyos na Ito nga ay tama. Ang Diyos, tulad ng sinabi ko dati sa isang mensahe, hindi kailangan ng Diyos ng sinuman upang magpaliwanag ng Kaniyang Salita. Siya ang Sarili Niyang Tagapagpaliwanag. Kapag sinabi Niyang magaganap, ito nga ay nagaganap. Iyan ang . . . Pinagtitibay Niya ito; iyon ang nagpapaliwanag.

38 Ilang taon na ang nakalilipas nang ang mga Pentecostal, nang sabihan kami ng ibang mga iglesia na kami ay baliw, na di na namin iyon magagawa, ang Espiritu Santo ay isang bagay na lumipas na. Nalaman nating ang

pangako ng Diyos ay para sa sinumang magnanasa, at ngayon iba na ang ating nalalaman. Kita n'yo? At unti-unting nagbukas ang bagay na ito. 79 At ngayon ipinangako Niyang ang mga hiwaga na nakatago sa lahat ng mga kapanahunan ng iglesia ay mahahayag sa pinakadulo ng panahon. At ipinaaalam na Niya sa atin ngayon. Tayo ay nasa huling panahon na. Naririto na tayo ngayon.

39 Ngayon, si Satanas ang may akda ng mga sibilisasyon. Siya ang may akda ng siyensiya. Siya ang may akda ng edukasyon. Sasabihin mo, "Totoo ba iyon?" Sige, bumasa tayo ngayon sa Salita ng Diyos, sa Genesis 4, at balikan natin at tignan lang natin sandali. Alam kong . . . Maaaring, kung mapahaba ako nang husto, sasabihan ako marahil ni Brother Carl. 81 Ngunit ngayon, sa ika-4 na kabanata ng Genesis at sa ika-16 na talata, nagpatuloy ito sa pagsasabi dito sa Genesis, kung anong ginawa ng Diyos upang mailagay ang sumpa sa lalaki at sa babae, at lahat ng kanilang gagawin: Hindi ang mailagay ang sumpa sa kanila, ngunit sinabi sa kanila kung anong mangyayari, at isinumpa ang lupa dahil kay Adan. At makikita natin dito ngayon, na si Eva ay nagkaroon ng isang pares na kambal. At ang isa sa kanila ay mula kay Satanas, at ang isa naman ay sa Diyos. Ngayon, sasabihin mo, "Oh, hindi. Hindi, ha, Brother Branham . . ." 82 Sandali lang. Hanapan mo ako ng isang Kasulatan kahit saan, na nagsasabi na si Cain ay anak ni Adan. Ipakikita ko sa iyo sa Kasulatan ang bahaging nagsasabing si Cain ay sa masama, hindi kay Adan.

40 Ngayon, pansinin n'yo nang siya ay magbuntis. Magsisimula muna tayo sa ika-4 na kabanata. At nakilala ng lalake si . . . na kaniyang asawa at siya'y naglihi at ipinanganak si Cain, at sinabi, Nagkaanak ako . . . (Siya ang nagsabi nito ha.) . . . Nagkaanak ako ng lalake sa tulong ng Panginoon. 84 Siyempre, dapat na magkagayon. Kahit pa babaeng bayaran o anuman iyon, kinailangang manggaling iyon sa Diyos (Kita n'yo?), sapagkat binhi Niya iyon; batas iyon ng Kaniyang binhi; kinakailangan iyong magluwal marumi man itong binhi, baluktot na binhi, o anuman. Kinakailangan nitong magluwal kung papaano man. Ito'y utos Niya. At muli ay ipinanganak ang kaniyang kapatid na si Abel.

Hindi na siya muling nakilala. Nakilala ni Adan ang kaniyang asawa, at ipinanganak niya si Cain at pati na si Abel: kambal. Nakasama siya ni Satanas nung umagang iyon, at ni Adan nung hapon.

41 Nakikita n'yo ba ang malaking pagtatalo sa pahayagan, wari ko, sa Tucson ngayon, tungkol sa babaeng nagsilang ng batang itim at batang puti sa isang pagkakataon. Sumiping siya sa kaniyang asawang lalaki nung umaga at sa lalaking iyon nung hapon. At susuportahan ng lalaki ang . . . Sinabi ng lalaking puti na susuportahan niya ang anak niya, ngunit kailangang suportahan ng lalaking itim ang sa kaniya. Kita n'yo? Alam ko iyan sa pagpapalahi ng mga aso at iba pa; tiyak na mangyayari iyon, kung ito'y sa pagitan lamang ng ilang oras. Nagpapatunay ito.

42 Ngayon, upang maipakita kung saan nanggaling ang sibilisasyon, basahin natin ang Genesis, sa ika-4 na kabanata muli ng Genesis, at tignan natin kung saan . . . Sa ika-16 na talata . . . Umalis si Cain sa harapan ng Panginoon at tumahan sa lupain ng Nod, sa silangan ng Eden. At nakilala ni Cain ang kaniyang asawa at siya'y naglihi at ipinanganak si Enoc: at siya ay nagtayo ng isang bayan at tinawag ang bayan ayon sa . . . ng kaniyang anak, Enoc. 88 Nagsimula ang sibilisasyon . . . Ang sabi dito ni Doctor Scofield sa aking Scofield Bible, "Ang unang sibilisasyon." Pansinin n'yo, nagkaanak siya ng mga anak na lalaki, at nagsigawa sila ng mga organ at ng musika. Ang sumunod naman ay nagkaanak ng mga anak na lalaki, at nagsimulang gumawa ng ibang mga bagay, mga kamangha-manghang bagay, nagsipagtayo ng mga bayan, at nagsigawa din sila ng mga kagamitang tanso, at lahat ng iba pang mga bagay. Kita n'yo, iyon ang ginawa niya, na naging unang sibilisasyon, na walang iba kundi ang mga Cananaita. Gayon din ang ginawa niya sa mga sumunod na kapanahunan.

43 Ngayon, magpunta tayo sa ika-25 talata, at masdan kung anong sumunod. At nakilalang muli ni Adam ang kaniyang asawa, . . . (Ngayon) . . . at nanganak ng isang lalake, at tinawag ang kaniyang pangalan na Set; sapagkat aniya'y binigyan ako ng Dios ng ibang anak na kahalili ni Abel; sapagkat siya'y pinatay ni Cain. At si Set . . . At nagkaanak naman si Set ng isang lalake; at tinawag ang kaniyang pangalan na Enos. Noon ay pinasimulan ng mga tao ang pagtawag sa pangalan ng Panginoon. (Mula sa lahi ni Set, hindi sa lahi ng mga Cananaita. Kita n'yo?)

Ang dakilang intelektuwal na lubos nating pinanghahawakang lahat . . . Ano ba ang komunismo sa araw na ito, ano ang kanilang diyos? Ang intelektuwal, ang siyensiya. Sa bagay, ano bang ginagawa natin? Saan ba tayo nabubuhay? Pagkadili-dilihin n'yo ang mga salitang ito ngayong araw.

44 Ngayon, mayroon na siyang kaniyang sariling uri ng Eden; mayroon na no'n si Satanas ngayon. Sa anim na libong taon na ito nakabuo (hindi lumikha) siya, kundi sinira niya ang anyo (deformed) ng buong sangkalupaan ng Diyos; ang kaniyang mga nilikha, ang mga hayop, pinaglalahok-lahok, pinaghahalo-halo ang mga lahi nito, ang mga puno, ang mga halaman, ang mga tao; maging hanggang sa relihiyon, ang Biblia, ang iglesia, hanggang sa magkaroon na siya ng ganap na harding Eden ng siyensiya, ang lahat ay

gumagalaw sa pamamagitan ng siyensiya. Ang ating mga sasakyan, lahat ng mayroon tayo ay ibinigay sa atin sa pamamagitan ng siyensiya, kung anong ginawa ng tao. At narito ang kaniyang dakilang Eden. Upang patunayan ang Mensahe ay napapanahon, upang patunayang wala na ngang iba ito kundi ang panahon ng Apocalipsis 10 . . . Tignan n'yo ang paghahalo ng binhi sa araw na ito, upang magpaigi, o, higit na mapaganda, hindi mapaigi. Tignan n'yo ang mga munting bata sa araw na ito.

45 Pinadentista ko ang anak kong babae kahapon, at sinabi niyang ang kaniyang mga ngipin ay pumipilipit. Isang kapatid sa Tucson, si Brother Norman, pinadendista niya rin ang kaniyang anak na babae, at ang mga ngipin niya ay umuusli palabas. At sinabi ng dentista, na di magtatagal, naniniwala siyang marahil sa mga darating na panahon, ay may mga taong isisilang na ang mga ngipin ay tutubo nang sungki-sungki. Dahil ito sa pagkaing kinanakain natin: hybrid na pagkain. Nabasa n'yo ba sa "Reader's Digest," nung nakaraang buwan, ang tungkol kay Billy Graham, ang marangal na ebanghelista? Nakikinig ba kayo sa kaniya? Idinadalangin ko siya ngayon higit kailan pa man. Nang kausapin niya ang mga nakabliktad ang mga kuwelyong iyon, at iba pa, nung isang gabi, sinisi niya ang mga kleriko. May kung anong nangyari sa kaniya. Isa sa mga araw na ito umaasa akong makikita niya ang kaniyang posisyon kung saan ba siya naroroon. Pansinin n'yo, ngayon ay nananawagan siya sa Sodoma, ang baluktot na bayang iyon. 93 At pansinin n'yo sa "Reader's Digest" . . . Nanghina na nang husto si Billy na hindi na siya makapagdaos ng kaniyang mga pagtitipon. At sinabihan nila siya na kailangan niyang tumakbo, mag-ehersisyo, at iba pa. Kaya't tumatakbo siya ng isang milya araw-araw, sa paniwala ko, o mga ganu'n, upang makapag-ehersisyo.

46 Bulok na ang tao. Ang buong sangkatauhan ay nasira na. Ang lahat ay tulad na nung panahon ng pagbaha. Lubos nang nagulo, nabaligtad, naiba

sa tuwid na hanay na pinagtamnan ng Diyos sa kanila. Napilipit na ng kasalanan, sa pamamagitan ng siyensiya at pandaraya, ang buong sangkatauhan. 95 Nabasa n'yo rin ba sa kasunod na kasunod na artikulo, kung saan ay sinabing sa mga araw na ito, ang mga kababaihan at kalalakihan ay nasa kanila nang gitnang-gulang, sa kanilang pisikal na struktura, sa pagitan ng edad na beynte at beynte singko. Isipin n'yo iyon. 96 Sa discernment nung isang gabi, natukoy ko ang isang babaeng beynte dos anyos na nasa menopause na, tinawag ko siya. At iyon ang sabi ng duktor niya sa kaniya. 97 Kita n'yo, isa itong nahulog, lubos nang sumama, papuntang impiyernong lahi ng kabulukan. Alam kong hindi etikal yan kung pakinggan. Ngunit Biblikal ito (Kita n'yo), na ito ay totoo. Ang lahing ito na kinabubuhayan natin, ang henerasyong ito ng mga tao . . .

47 Ngayon, pansinin n'yo sa araw na ito, hina-hybreed ang mga baka, hinahybreed ang mga pananim; at heto ang siyensiya, na siyang may kagagawan, ay nagsasabing, "Iyan ang sumisira sa buong sangkatauhan." Nababasa n'yo iyon tulad ko rin. Buweno, bakit ayaw nila itong tigilan? Dahil hindi nila kaya. Sinabi ng Diyos na magkakaganiyan. Ngunit kung mag-iisip sila sandali, sila ang mga kasangkapan, tulad ni Judas Iscariote, ganap nilang tinutupad ang sinabi ng Diyos na mangyayari. Ganap nitong tinutupad batay sa basehan nila ng siyensiya. 99 Sa pamamagitan ng kaniyang siyentipikong pagsasaliksik, sa kaparehong padron na ipinandaya niya kay Eva, ganu'n niya rin dinaya ang iglesia, na doon ay itinipo ni Eva. Ngayon, ngayon, tipo rin si Adan doon, o si Eva, pala, ng iglesia, pansinin n'yo kung anong ginawa nito. Sa paglalagalag niya para sa kaalaman, natawid niya ang guhit sa pagitan ng tama at mali sa pakikinig sa pambabaluktot ni Satanas, o sa paninira niya ng orihinal na Salita ng Diyos.

48 At ngayon, nasira na ang anyo ng mga iglesia sa araw na ito. Hindi ang mga tao ang tinutukoy ko, o ang mga indibiduwal. Ang tinutukoy ko ay ang daigdig ng iglesia. Ang isa'y napilipit sa isang paraan, at ang isa nama'y sa ibang paraan, at sa pamamagitan ng siyensiya, sa kaparehong padron na ginamit niya. Naisagawa ni Satanas ang kaniyang mga banta, sa Isaias 14:12. 101 Basahin nga natin iyan sandali. Sa Aklat ng Isaias magsimula tayo sa ika14 na kabanata, ika-12 talata. Ano't nahulog ka mula sa langit, Oh tala sa umaga, anak ng umaga! Paanong ikaw ay lumagpak sa lupa, ikaw na siyang nagpahina sa mga bansa!

Si Isaias ito nang makita siya sa isang pangitain (Kita n'yo?) sa panahong parating. At sinabi mo sa iyong sarili, Ako'y sasampa sa langit, aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Dios; at ako'y uupo sa bundok ng kapisanan, sa mga kaduluduluhang bahagi ng hilagaan:

49 Ang layunin ni Satanas mula pa sa Eden ay ang gumawa ng sarili niyang Eden, at itaas ang kaniyang sarili, nang sa gayon ay sambahin siya ng mga tala ng Diyos: ng mga anak ng Diyos. At walang pasubaling naisagawa niya iyon. Ngayon, nang magawa na niya ito at madala sa iglesia, hindi ko na ito ididetalye. Sinuman sa inyong nakikinig sa mga tape ay nakaaalam nito. Iyan na nga ang oras na kinabibilangan natin, at naisagawa ito ni Satana sa pamamagitan ng mga programang pang-edukasyon, mas naaangkop, mas mainam na ganito, mas mainam na ganiyan. Wala silang kamalay-malay na papalusong na pala sila sa kamatayan: Mga binulag na umaakay sa bulag, mga bulag na tagapanguna ng mga bansa, mga bulag ng tagapanguna ng mga siyensiya, mga bulag na tagapanguna ng simabahan, bulag na umaakay sa mga bulag. Ang sabi ni Jesus, "Pabayaan n'yo sila, kapuwa sila mahuhulog sa hukay."

50 Pansinin n'yo dito ang tipo ng dalawang Eden na magkatipong-magkatipo, hanggang sa halos madaya ang pinaka hirang. Sinabi ng Mateo 24:24 na magkakaganiyan nga. Ngunit nais kong huminto tayo sumandali at pagbulaybulayan natin ang dalawang Eden na ito, lalo na, kung papaanong sinasabi sa atin na ang Salita ng Diyos ang gumawa ng Eden na iyon, at kung papaanong nagbabala sa atin ang Salita ng Diyos na darating ang isa pang Eden. 104 Ngayon, nalalaman din nating kailangang magkaroon ng isa pang Eden, kung atin ding pakikinggan ang propetang Pablo, sa ika-2 kabanata ng II Mga Taga Tesalonica. Maaari kong basahin iyon kung nais n'yo. Siya na nagmamataas; ang araw na iyon ng Panginoon ay hindi darating malibang mahayag muna ang lalaking iyon ng kasalanan . . . . . . siya'y nauupo sa templo ng Dios, na nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Dios, ano pa't siya'y sinasambang tulad sa Dios. 105 Isipin n'yo 'yan. Ngayon, sa Isaias 14, sinabi ng propetang nakita niya si Lucifer, ang laman ng kaniyang puso, sa pamamagitan ng isang pangitain sa ilalim ng inspirasyon ng Diyos, na nagsasabing ganu'n ang kaniyang gagawin. Sa Isaias, walong daang taon bago dumating si Pablo, o mga ganiyan. 106 Ngayon, dito matapos ang walong daang taon, nakita siya ni Pablong humahantong sa kaniyang posisyon. Pansinin n'yo, humantong ito sa kaniyang Eden, sa kaniyang makasiyensiyang Eden, kasama ang kaniyang

makasiyensiyang mundo, at isang makasiyensiyang nobyang iglesia, na nasa ilalim lahat ng salita ng kaalaman, mga naglalakihang seminaryo, mga dakilang titulo, at mga programang pang-edukasyon.

51 Makinig kayo mga kapatid na lalaki't babae, bawat isa sa atin ay tatahak sa landas na tinahak ni Florence. Hinihiling ko sa inyo, sa Ngalan ni Jesus, na inyong isaalang-alang ito. Huwag ako ang isaalang-alang n'yo, kapatid n'yo ako. Hindi iyan. Isaalang-alang n'yo ang Salitang ipinangungusap ko, ang Biblia ng Diyos. At tignan n'yo nang lubusan, ganap itong binindika sa Sariling Salita ng Diyos, sa kapanahunang kinabubuhayan natin, at kinaroroonan natin. 108 Ang mga programang ito ay walang pasubaling mga antikristo sa kanilang mga sarili. Ngayon, kinakailangan niyang magkaroon ng isang Eden, sinabi niyang gagawin niya iyon. Narito ang simpleng Salita ng Diyos na nagsasabing gagawin niya nga iyon, at narito't sa pagtingin natin nakikita nating ginagawa na nga niya. Isinagawa niya iyon sa pamamagitan ng kaniyang intelektuwal, siyentipiko, at makadenominasyong nobya. Siya ang mangunguna isa sa mga araw na ito sa itatatag na Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia. Ang lahat ay sasama sa kaniya. Nagsisikap . . .

52 Ang mga tao, hindi dahil mga masasama silang tao; itinanim sila sa tuwid na hanay tulad sa mais, ngunit naghasik si Satanas ng mga baging, na kung tawagin ay siyensiya, pagsasaliksik, edukasyon, mga titulo ng pagkaduktor. Minsan ni hindi nila kayo pahihintulutan sa pulpito malibang makapaglabas kayo ng isang titulo ng pagkaduktor mula sa kung saang seminaryo. At lahat ng ito ay mali. Hindi ang mga tao, ang programa ang mali. At ngayon anong naidulot nito? Patungo na naman ito, at naisadlak ang buong daigdig sa pamamagitan ng mga paghahalong-lahi, pambabaluktot ng orihinal na Binhi ng Diyos, sa isa namang madilim na kaguluhan. 110 Ngunit labis akong nagagalak na inalala tayong muli ng Diyos, na maaari pa rin Siyang makakilos sa harap ng mga kalagayang ito. Ipinangako Niyang gawin ito, at tumawag Siya ng isang munting kawan na magiging Nobya Niya.

53 Pansinin n'yo muli ngayon kung gaano kasakdal ang mga tipo ng mga iglesiang ito, o ang mga Eden na ito. Ang Diyos, sa pamamagitan ng Binhi ng Kaniyang Salita . . . At iisang bagay lamang ang maaaring magbigay-buhay sa Salita, at iyon ay ang Espiritu, sapagkat Ito ang Tagapagbigay-Buhay sa Salita. At kapag nakatagpo ng Buhay na nasa sa Salita ang Buhay ng Espiritu, mamumunga Ito ng ayon sa kung ano ang binhi. 112 Ngayon, pansinin n'yo kung anong nangyari. Nasa hardin ng Eden ang ekonomiya ng kawalang-sala ng Diyos at iyan ang isa sa mga dispensasyon.

Ang unang dispensasyon ay ang kawalang-sala; walang alam na kasalanan ang mga tao. Walang silang anumang nalalaman tungkol sa kasalanan. Kapuwa nakahubad sina Eva at Adan, ngunit nakakubli sila sa kanilang kahuburan sa pamamagitan ng lambong ng Espiritu sa kanilang mukha. 113 Hindi nila alam na nakahubad sila, sapagkat sila ay nakakubli. Sapagkat ang lambong ng Diyos ay nasa kanilang mga pag-iisip, hindi nila alam kung anong tama at mali. At ang pagiging hubad nila kapuwa ay nagpakitang hindi pa dumarating sa kanila ang kaalaman (Kita n'yo?), na sila ay nakahubad. Ang magkapareha ay nakahubad at hindi nila nalalaman.

54 Ngayon, kung bubuksan n'yo, kung nais n'yo, o isusulat n'yo, sa ika-3 kabanata ng Apocalipsis, inihuhula ng Espiritu Santo ang huling kapanuhang ito, sa kapanahunan ng iglesiang Pentecostal ng Laodicea sa huling mga araw, ang sabi Niya, “Ikaw ay hubad, at bulag, at hindi mo ito nalalaman.” 115 Naroon ang binhi ng Diyos na nasa ilalim ng kawalang malay, sadyang hindi nila alam na sila ay nakahubad, sa ilalim ng lambong ng Espiritu Santo, nilalambungan sila sa kasalanan. 116 At ngayon, sa huling kapanahunan ng iglesia, makikita natin ditong sila ay nakahubad na muli, at hindi nila namamalayan. Ngunit hindi ito lambong ng Espiritu Santo. Isa itong lambong na itinalukbong ni Satanas kay Eva noon, isang lambong ng masamang pita, lambong ng masamang pita. Napakarumi nila, hanggang sa di na nila nalalamang hubad sila, ang mga kababaihan natin sa kalsada na nakashort, nakadamit sexy . . .

55 May nagpadala sa akin ng artikulo sa pahayagan nung isang araw tungkol sa bagong damit na kanilang isusuot, sa pakiwari ko'y labing-apat na pulgada ang haba nito mula sa balakang o mga gayon. At iniisip ko kung napagtatanto ng ating mga kababaihan na ito ay isang lambong ng masamang pita. 118 Ngayon, sasabihin mo, "Mapatutunayan ko sa harapan ng Diyos na hindi ako nagkasala ng pangangalunya laban sa asawa ko, o ako'y . . . lahat ito." 119 Ngunit gayunpaman, sa Paghuhukom, ikaw ay tatawaging mapangalunya. Sinabi ito ng Biblia. Ang sabi ni Jesus, "Sinumang tumingin sa isang babae upang pagnasahan siya, ay nangalunya na sa kaniyang puso."

56 "Bulag, hubad, at hindi nalalaman." Hindi ang mga abang kababaihang nasa labas, wala akong laban sa kanila. Sa kasamaan ako may laban. At tila hindi ito napagkikilala at nilalabanan ng sistema ng iglesia: hinahayaan silang magpaiksi ng buhok, at mag-makeup, at magshort at iba pa, sa ilalim ng pangalan ng Cristianismo. Kahindik-hindik ito. Kita n'yo? Nakahubad silang muli sa Eden ni Satanas at hindi nila nalalaman. Hindi nila ito nalalaman.

Sa wari ko'y nakikita ko, sa pagtanaw ko sa swimming pool mula rito, ang mga kababaihang naroroon ngayon. Kung alam lang ng babaeng iyon kung anong ginagawa niya, ngunit hindi niya nalalaman. Siya'y nakahubad. Sagrado ang kaniyang katawan. Hinuhubad niya ang damit na ipinangdamit ng Diyos sa kaniya, pinapalitan niya ng balat, sa henerasyong ito. Patuloy niya itong tinatabasan. Siya'y hubad sa ilalim ng salita ng sibilisasyon, mas mataas na edukasyon, mas mainam na sibilisasyon, mas mataas na etika. Hayaan n'yong matiyak kong bumabaon ito. Lahat ng ito'y sa diablo, at mawawasak sa pagdating ng Panginoong Jesus. Mawawasak ang bawat kaliitliitang bahagi nito. Walang isa mang bagay na matitira. 122 At, oh, kaibigan, sa buong bansa, habang pinakikinggan n'yo ako rito sa Phoenix, pag-isipan n'yo ang mga bagay na iyon. Saklaw kayo ng mga iyon. Ngayon, sinabi ni Jesus na dadayain nito maging ang hinirang kung maaari lang.

57 Ang unang Espiritu ay isang—ang unang lambong ay isang banal na Lambong, Banal na Espiritu, at hindi siya dapat tumingin sa labas Niyon. Ngunit nang magsimulang mangusap sa kaniya si Satanas tungkol sa kaalaman, sadyang kinailangan niyang sumilip sa sanlibutan. 124 At ganiyan nga ang ginawa ng kaniyang anak na babae, ang iglesia. Kinakailangan n'yong makita . . . Kinakailangan n'yong magdamit nang tulad ng kung sinong sikat na artista, o ang mga kabinataan ay kinakailangang umastang tulad ni Elvis Presley, o ni Pat Boone, o ng kung sinong mga tao, sa ilalim ng pangalan ng relihiyon. 125 Si Pat Boone ay kasapi ng Church of Christ. Si Elvis Presley nama'y Pentecostal: dalawang dinemonyong taong nagbulid sa mundo sa mas masahol na kaguluhan kaysa sa ginawa ni Judas Iscariote sa pagkakanulo kay Jesus Cristo. Hindi nila ito nalalaman. Hindi iyan alam ng mga binatilyong iyon. Wala akong laban sa mga binatilyong iyon, sa mga kalalakihang iyon; sa espiritung nagbubunsod nito ako laban.

58 Tumabi ka nang kaunti, at hayaan mo minsang bahagyang makakapit ang ligaw na baging paikot sa tangkay ng mais na iyon, masdan mo kung anong mangyayari; wala na ang mais na iyon. Siya nga, nasakop na siya niyon. Ganiyan nga ang mangyayari sa bawat pagkakataon. Kinailangan lang na sumilip ni Eva sa sanlibutan. 127 At hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, mga kapatid. Sa ika-2 kabanata ng I Juan at sa ika-15 talata, maaari natin itong basahin kung gusto n'yo, ang sabi ng Biblia kung iniibig natin ang sanlibutan, o ang mga bagay ng sanlibutan, ito'y dahil sa wala sa atin ang pag-ibig ng Diyos.

59 Ngayon, ang salita do'n ay hindi "mundo"; isa itong salitang Griego, "kosmos," na ang ibig sabihin ay ang "kaayusan ng sanlibutan." Kung iniiibig natin ang mga moda ng mundo, ng sanlibutan, kung iniibig natin ang uso ng panahon, kung iniisip nating "ito ay isang napakagandang panahon, oh, mayroon tayong lahat ng bagay," kung ganiyan ang iniisip mo, ito'y dahil mali ang pag-iisip mo. Binaluktot ito ng diablo. Sapagkat kung iniibig mo ang kaayusan ng sanlibutan, at ang mga bagay ng kasalukuyang sanlibutang ito, ito'y dahil ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa iyo. Pakatandaan n'yo iyan. Oh, Diyos. Tingnan n'yo kung ano'ng pinapag-aralan natin.

60 Nais kong tumigil dito sandali upang kuwentuhan kayo ng munting kuwento. Narinig ko ito sa isang chaplain ng Unang Digmaang Pandaigdig. Hinagisan nila . . . 130 Tulad ni Satanas sa pasimula, nang pumasok siya sa halamanan ng Eden. Hindi niya magawang bungkalin ang mga binhing iyon. Hindi niya magawang sirain. Ngunit binugahan niya ang mga ito ng lason, at nasira ang anyo ng binhi; hindi ito nagbunga ng tamang uri niya. Sinira nito ang anyo ng orihinal na Binhi. 131 At ganiyan ang mga programang ito ng relihiyon. Mga anak na lalaki't babae pa rin sila ng Diyos, ngunit nasisira na ang kanilang anyo. Nagsisimba sila, nagnanasang gumawa nang tama. Ang isang madre ay hindi nagpupunta sa kumbento upang maging masamang babae. Ang isang ministro ay hindi nag-aaral para lang maging isang masamang tao. Hindi ka sumasapi sa simbahan, nakikipagkamay, naglalagay ng ngalan mo sa aklat, o kung anuman ang ginagawa mo sa simbahan upang maging masamang tao. Ginagawa mo iyan upang maging mabuting tao. Ngunit ang pandaraya; ang paninira ng anyo ang may gawa nito. Binugahan ito ni Satanas. Kita n'yo? 132 Hindi kailan man nagkaroon ang Diyos ng isang organisasyon. Walang ganiyang bagay saan man sa Salita ng Diyos. Ang Diyos ang ating organisasyon; tayo'y organisado sa Kaniya, isang Katawan, sa Diyos, sa langit. Tama. Ang mga pangalan natin ay nasa Aklat ng Buhay ng Kordero. Kita n'yo? Pansinin.

61 Ngunit, kita n'yo, alam kong napakahirap, ngunit nais kong magtiis kayo nang kaunti pa kung mamarapatin n'yo. Sa panahon ng pandaigdigang digmaan . . . Pagpaumanhinan n'yo ako sa paglayo ko sa aking paksa, ngunit upang maparating ko ang puntong ito, nais kong ibigay sa inyo ang aking pagsusuri sa ginawa ni Satanas sa Eden: nagbuga siya ng kasuklam-suklam na pambugang lason.

Nais n'yo bang malaman kung ano ang pambugang iyon? Maaari kong sabihin sa inyo. Nasa akin ang pormula no'n, dalawang salita: "di pananampalataya," na kontra sa pananampalataya, nagbuga siya ng di pananampalataya, "pagdududa." At pinunan ito ng siyensiya. Ang mga puwang na nasa binhi ay pinuno ni Satanas ng kaalaman, at siyensiya, at sibilisasyon, at sinira nito ang anyo ng buong sannilikha ng Diyos.

62 Alam kong iniiisip n'yong inilalagay ko kayo sa alanganin, ngunit kasama n'yo ako rito. At naririto tayong lahat upang alamin kung anong maaari nating gawin. Hindi natin sinasabi ang mga bagay na ito upang maging iba. Kinakailangan nating maging tapat. 136 Bawat isa sa atin ay darating sa dulo ng ating landas, kung saan ay magbibigay-sulit tayo sa bawat salita. Sa sandaling ito alam nating ang mga tinig natin ay . . . Pagkapanganak sa atin, ang unang pag-iyak natin ay nailalagay sa isang tape. Muli itong patutugtugin sa araw ng paghuhukom. Maging ang mga damit na sinusuot mo ay ipakikita sa iyong harapan sa araw ng paghuhukom. Nakita iyan maging ng siyensiya sa pamamagitan ng telebisyon. Kita n'yo, hindi nag-iimbento ng larawan ang telebisyon; pinadadaloy n'ya lang ito. Ang kulay ng mga damit, bawat pagkilos mo, bawat kaisipang nasa isip mo, ay ganap na iniingatan sa talaan ng Diyos. At ang malaking bagay na iyon ay ilalagay sa harapan mo mismo, bawat malalaswang damit na isinuot mo, bawat pagkakataong nagpunta ka sa pagupitan, at pinagupitan ang buhok na ipinagkaloob sa iyo ng Diyos. Mapaparoon iyon. Pananagutan mo ito. Hindi ka makakikilos do'n, maging ang mga kaisipan ng puso mo sa iyong paggawa, ay ipalalabas sa iyong harapan. Papaaano kang makatatakas? "Papaano tayong makatatakas kung pababayaan natin ang ganiyang kadakilang kaligtasan?" Kita n'yo? Hindi tayo makatatakas. Bawat galaw, at ang mga kaisipan ng puso mo ay nakatala sa ibang dimensyon, maging ang kulay ng damit na suot mo. Ang telebisyon, pinatutunayan ito ng de kulay na telebisyon, hinihigop ito at ipinapakita (Kita n'yo?), at iyan ay sa isang dimensyon lang sa tatlong kinabubuhayan natin. Kita n'yo?

63 Ngayon, ganu'n na lamang tumama ang lason sa iglesia, at sa lupa. Ang lason ni Satanas na napasa mga binhi, ay naglagay ng mga butas dito at naging dahilan ng pagkasira ng anyo nito. Palalim nang palalim ang pagbaon nito sa puso ng mga iglesia, sa puso ng mga tao at lahat na, ang siyensiya, ang siyensya. Hanggang sa humantong na ito sa lugar na ang tao, sa pamamagitan ng paghahalong-lahi . . . Naniniwala akong ang bawat binhi ay dapat na mamunga ng ayon sa kaniyang uri. At ang sangkatauhan, at ang halaman, at dahil ang lahat ay pinaghahalong-lahi, humantong na tayo sa isang lugar; sa

pagkain natin ng ating pagkaing galing sa lupa, ang mga katawan natin ay nahybrid na rin; nailagay nito ang buong pag-iisip natin . . . Ngayon, kung ang mga katawan natin ay bumabagsak na mula sa edad na bente hanggang bente singko, dahil sa mga huminang selula sa pamamagitan ng mga hybrid na pagkain, hindi ba't humihina rin ang mga selula ng ating utak? Hindi ba't mga selula rin 'yon? Kaya't paroo't parito sa lansangan si Ricky sakay ng kaniyang matuling sasakyan; kaya may Ricketta, mga Elvita, at marami pang iba, kung magbabansag tayo, ang nasa labas na nakahubad sa harap ng mga tao, nabaliw na, walang unawa tungkol sa kadisentehan at moralidad.

64 Bumalik tayo sa maliit kong kuwento . . . Sinabi ng chaplain na ito na nagpunta siya sa ospital, at aniya napakaraming lalaking nakahiga sa tolda, ang ilan sa mga ito . . . Kagagaling lang niya sa labas, at ang sabi niya sa paglabas niya roon, may isang opisyal na nagsabi sa kaniya, ika, "Chaplain, nais naming makisakay upang matignan ang kaparangan." Tinapunan nila ito ng mustard at chlorine gas, tulad ng ginagawa nila nung mga araw na iyon . . . 139 Ang sabi pa niya, "Lumabas ako roon, Brother Branham," aniya, "walang isa mang punong kahoy na may balat; walang isa mang supling ng damo. Umaga iyon ng Linggo ng Pagkabuhay." Ang sabi niya, "May isang lumang tankeng wasak na naroroon; kinakailangang magtala ang opisyal ng tungkol sa mga ito, at tignan kung marereremedyuhan pa, malapit sa malaking Argonne Forest. Ang sabi niya, "Nu'ng nakatayo ako roong mag-isa," aniya, "Tumingala ako, at nagsabi, 'O Diyos, hahantong sa ganito ang lahat.'" Tama; ang lahat ay magkakaganito. Sunog na sunog ang lahat, walang kabuhaybuhay kahit saan, ang mga damo ay natupok; ang puno, dahil sa gas na iyon, ang mga puno ay nangamatay, lahat ay namatay, nakapilipit, nakatungo, sa lugar na natadtad ng mga bala at iba pa.

65 Kung hindi ba naman ganiyan ang larawan ng mundo sa araw na ito, kung saa'y binubugahan ni Satanas ng kaniyang di pananampalataya, ng kaniyang pangha-hybrid, ng kaniyang siyensiya, ng kaniyang kaalaman. Hanggang ang—kung ano ito nung pasimula, nang ilagay ng Diyos si Adan at Eva sa halamanan, ang magandang paraisong iyon na walang kamatayan, walang karamdaman, walang kapighatian, at ang lahat ay ganap na maayos, tignan n'yo kung anong ginawa ng DDT ni Satanas! Siya'y lubos na nagulo. Wala nang natira dito. 141 Ang sabi niya, "Nagsimula akong umiyak. Lumakad ako pabalik. Napukaw ang pansin ko ng isang bato." Aniya, "Pinuntahan ko iyon at tinignan ko ang bato, at binaliktad ko. Sa silong ng bato ay may isang munting bulaklak na sumisibol, ang tanging buhay na bagay na natira (Kita n'yo?), sapagkat ito'y natakpan ng bato."

Ang Diyos, na aking Bato, itago Mo kami sa araw na ito, O Diyos, sa panahong nagliliparan ang mga lasong ito sa lahat ng dako sa pangalan ng siyensiya at edukasyon. Itago Mo kami. Ingatan Mo kami hanggang sa araw na iyon, O Diyos, ang aking panalangin. [May nagsabing, "Oh, maraming oras, Brother Branham."—Ed.] Ngayon, umaasa akong ang bawat isa sa atin ay nakasilong sa Batong iyon, na si Cristo.

66 Kapapangaral ko pa lang nung isang araw; marami sa inyo ang nakarinig niyon. Naglalakad ako sa kagubatan sa pangangaso, at naganyak akong pumihit. At paglingon ko, may nakalapag na basyong karton o pakete ng sigarilyo, anuman ang tawag do'n. At ang kumpanya; hindi ko ibig na banggitin ang kanilang pangalan. Ngunit ang kumpanyang ito ng tabaco ay may salawikain, "Panala ng lalaking nag-iisip, panlasa ng lalaking naninigarilyo." 144 Nagsimula akong humayo pa nang kaunti sa kagubatan nang may Kung Anong pumukaw ng aking pansin, "Balikan mo ang pakete ng sigarilyong iyon." 145 Naisip ko, "Makalangit na Ama, papunta ako sa punong kahoy kung saa'y nangusap Ka at nagsilataw ang mga squirrel isang umaga. Bakit Mo ako pinababalik?" 146 At may Kung Anong nagsabi, "May paparating kang sermon para sa Linggo. Ang teksto mo ay nakasulat do'n." Naisip ko, "Sa isang pakete ng sigarilyo?" Bumalik ako. 147 At nagsimula akong mag-isip, "Panala ng lalaking nag-iisip," anong laking pandaraya niyon. Kung ang isang lalaki ay nag-iisip, hinding-hindi siya maninigarilyo. Ngunit, kita n'yo, nilulunok iyan ng mga tao.

67 Sa paniwala ko'y may dalawang taon nang nakararaan, nang ako ay nasa isa sa mga kumbensyon, dumalo ako sa world's fair nang ito'y ganapin sa kanlurang baybayin. At mayroon silang litrato ni Yul Brynner at marami pang iba. At ang mga scientist . . . (Marami sa inyo ang naroon din sa bulwagang iyon.) Hinggil sa panganib ng paninigarilyo, kinuskos nila ang usok na iyon sa isang bato, at kumuha sila ng Q-tip, at kinayod nila nito ang nikotina, at inilagay sa likuran ng isang daga, at inilagay siya sa isang hawla, sa loob ng pitong araw ay lubusan itong napuno ng cancer na hindi na ito makalakad man lamang. Kita n'yo? Ang sabi niya . . . Pinadaan nila sa tubig. 149 Ang sabi, "Salain . . ." Aniya, "Salain? Walang ganiyan." Ika pa niya, "Iyong . . ." Ngayon, ang siyensiya mismo ito. Ang sabi nila, "Hindi ka maaaring magkaroon ng usok kung wala kang tar. Ang tar ang sanhi ng usok."

68 At ito'y isang pakulo lamang upang makabenta ng mas maraming sigarilyo. Kapag ang, kung ako'y . . . Sana'y huwag n'yong isiping ako'y lapastangan at panatiko. Ang diablong nasa lalaking iyon ang nagtutulak sa kaniyang manigarilyo upang patayin ang kaniyang sarili ay . . . Kapag nagnanasa siya ng nikotina ng isang sigarilyo, mapupunan na niyon ang kaniyang pagnanasa; ngayon ang kumpanya ay dumating naman na may mapandayang pakulong ito, na nagsasabing, "Panala ng isang lalaking nagiisip." Kakailanganin niyang umubos ng apat o limang sigarilyo upang makaipon ng sindaming tar (upang masiyahan siya) na dulot ng isa. Binebentahan ng mga Americano ng kamatayan ang kanilang mga kapatirang lalaki't babae. Hindi ko ito maunawaan.

69 Ngunit gayunpaman, naisip ko, "Mayroong tamang panala ng nag-iisip na tao." 152 Ngayon, kung ang isang lalaki ay naninigarilyo, pakatandaan, nagbubunga ito ng panlasa ng naninigarilyong lalaki. Kung gayon hindi mapupunan ang pagnanasa ng paninigarilyo malibang makakuha ka ng usok na siyang kinakailangan upang magbunga ng panlasang iyon. Kaya umuubos ka ng apat na sigarilyo, o kaya'y lima, at nagbabayad ng mas mahal kaysa sa kung komunsumo ka lang ng isang regular na sigarilyo. Kita n'yo, isa itong pakulo, isang pakulo upang makabenta, dinadaya ang mga tao: ang mga Americano. Kapag naiisip ko sina Valley Forge, George Washington, kasama ng ikatlong bahagi ng kaniyang mga sundalo, na nakayapak nu'ng malamig na araw na iyon, upang magkaroon tayo ng ganitong ekonomiya, pagkatapos ay bebentahan ng kamatayan ng mga Americano ang kapuwa Americano, na kaniyang kapatid sa huwad na pakulo dahil sa mahalay na kapakinabangan, ang ugat ng lahat ng kasamaan, ang paghahangad ng salapi, ang pag-ibig dito. Lubos nang nahaling, walang kamalay-malay na ang lahat ng ito ay mapaparam. Kapag wala kang makuhang usok, hindi ka magkakaroon ng panlasa. 153 At naisip ko, "May Panala ang lalaking nag-iisip," Panala ng isang lalaking nag-iisip. At kinuha ko ang aking teksto sa "Ang Panala ng isang lalaking nag-iisip ay nagbubunga ng panlasa ng isang lalaking banal."

70 Kaya naisip kong ang mga denominasyon natin ay nakagawa rin ng maraming gayon, basta-basta na lang tumatanggap ng mga tao at sinasabing mga Cristiano sila. Bakit? Mas marami ang napapapasok nila sa kanilang mga denominasyon o organisasyon. Mas marami ang napapapasok natin dahil hinahayaan natin silang pumasok nang ganito, ganiyan, at iba pa, at lahat na. Ganu'n din iyan, basta't ilagay nila ang kanilang pangalan sa libro at sabihin nilang mga Cristiano sila. Ganu'n lang. "Oh, sa pananampalataya'y naligtas

ka. Kinakailangan mong maniwala." Nagagawa din iyan ng diablo. Tiyak nga. 155 Kinakailangan kang isilang na muli, at iyan ay dumadaan sa Panala ng Diyos. Ngayon, may Panala ang taong nag-iisip. Hawak-hawak ko Ito. Hindi Ito mamumunga ng makadenominasyong panlasa, ngunit tiyak na magbibigaykasiyahan ito sa panlasa ng isang taong banal, alam n'yo na.

71 Papaanong makalulusot ang isang babaeng maiksi ang buhok sa panalang ito? Papaanong makalulusot Dito ang isang babaeng nakashort, nakapantalon, samantalang sinasabi ng Bibliang, "Karumaldumal sa Diyos, na ang isang babae ay magbihis ng damit na nauukol sa lalaki"? At papaanong

nagagawa ng isang lalaking may pahalaga sa kaniyang sarili na lumabas at magdamit nang parang babae, magpahaba ng buhok tulad sa isang babae, na may bangs na umaabot sa kaniyang mga mata, at nakapilipit nang patayo? Sinusuot niya ang damit panloob ng kaniyang maybahay. Suot naman ng maybahay niya ang damit panlabas niya. Panala ng isang lalaking nag-iisip: hindi gagawin iyan ng isang taong nag-iisip, o ng isang babaeng nag-iisip. Hindi iyan palulusutin ng Salita ng Diyos. 157 Iisa bagay lang ang makalulusot sa Salitang iyon; iyon ay ang Espiritu Santo, at ipinapasok Nito ang Salita sa inyo, at namumunga ng panlasa ng isang taong banal.

72 Tignan n'yo sa araw na ito ang Ricketa na nasa lansangan, ang kaibig-ibig at magandang pangangatawang ibinigay ng Diyos sa kaniya, at ginagamit ito ni Satanas. Pagkatapos ay magbibihis siya nang napakaimoral, hindi nalalamang sa loob ng isang linggo ay maaaring mabulok na siya sa libingan. 159 Naglalakad ako sa kalsada dito di pa katagalan, nangangaral ako noon sa isang Assemblies of God na nasa kanlurang baybayin, sa isang pagtitipong nasa direksyon ng Southwestern Bible School. May isang babaeng naglalakad sa kalsada, nakamaiksi siyang damit, bikini, anuman ang tawag do'n, at may mga palawit ito, nakasumbrero at sapatos na pang-koboy. Naglalakad ako sa kalsada. Naisip ko, "Kahabag-habag na dalagita, anak ng kung sinong ina at ama na inilagay dito upang maging isang anak ng Diyos, at pagkatapos ay naging isa siyang pain ng diablo." Naisip ko, "Sa palagay ko'y pipihit ako upang bumalik, at sasabihan ko ang batang iyon." Ang tingin ko sa kaniya ay mga kaedad ng anak kong si Sarah na nariyan, disesiyete, disesais anyos, o mga ganu'n. Naisip ko, "Huwag, huwag na lang. Magpapatuloy na lang ako sa paglakad sa daan at ipapanalangin ko siya. Baka may makakita pa sa aking huminto ako at kinausap ko siya; buti pang huwag na lang."

73 Ngayon, makinig kayo, mga anak na lalaki ng Diyos, napapasa ganu'ng lugar din kayo, inaakit kayo ng mga Jesabel na ito, ngunit ang nag-iisip na lalaki ay mag-iisip muna. Marahil ay napakaganda niya; siguro "sisikat kaming dalawa," ngunit ang kabayaran niyan ay ang kaluluwa mo, iho. Gayundin kayong mga kadalagahan sa mga Ricky na ito . . . Namumunga ng panlasa ng taong banal ang Panala ng nag-iisip na tao. 161 Kayong mga may asawa nang mga kalalakihan, kapag nakita n'yo ang mga babaeng iyon sa lansangan nang ganiyan, kayong mga anak na lalaki ng Diyos, hindi n'yo ba napagtatanto kung anong nangyari noong pasimula? Nang pagandahin nang husto ng siyensiya ang mga kababaihan bago bumaha, hanggang sa nagsikuha ang mga anak ng Diyos ng mga anak na babae ng mga tao (hindi mga anak na babae ng Diyos), at hindi ito kailan man nalimutan ng Diyos . . . Winasak nila nang lubusan: siyensiya, mas maganda. Dati-rati . . . Pansinin n'yo na ang pag-angat ng kagandahan ng mga kababaihan sa mga huling araw ay isang tanda ng wakas; pinatunayan ito ng Diyos. Kaya't gumamit kayo ng Panala ng nag-iisip na tao, magkakaroon kayo ng panlasa ng isang taong banal. Mangangahulugan ito ng pagkawala ng iyong tahanan, ng iyong posisyon, ng lahat ng taglay mo, maliban pa sa iyong kaluluwa. Wawasakin nito ang iyong tahanan. Maaaring ibang lalaki ang magpalaki ng mga anak mo, o ibang babae ang magpalaki ng mga anak mo.

74 Kumuha kayo ng Panala ng nag-iisip na lalaki; mamumunga ito ng panlasa ng isang banal na babae. Kapag papunta na kayo sa pagupitan, o iba pa, at sinasabi nila sa inyo na sasakit ang inyong ulo, alam n'yo na. Kumuha kayo ng Panala ng isang babaeng nag-iisip, kung ano ba ang sinabi ng Biblia (Kita n'yo?); at layuan n'yo ito. Kita n'yo? Huwag n'yo itong gawin. 163 Kapatid n'yo ako, at mahal ko kayo. Wala akong laban sa inyo. Nalalaman iyan ng Diyos. At iyan ang nagbubunsod sa akin na sabihin ang mga bagay na sinasabi ko, dahil sa pag-ibig ng Diyos para sa inyo. Kung lalabas ang isang lalaki at hindi niya kayo sasabihan, hinahayaan kayo ng inyong pastor na magpakalat-kalat at umaasta nang ganiyan, hindi niya kayo minamahal. Hindi maaaring mahal niya kayo. Hindi ko nais ang ganiyang uri ng pag-ibig para sa mga kababaihan. Nais kong magkaroon ng banal na panlasa para sa aking kapatid na babae. Nais kong maging tunay ko siyang kapatid na babae, hindi sinasabi ng kung sino, pinag-uusapang napakaganda niya at kung ano siya, at tulad ng mga sex queen, "Siya'y mapapasa sa aking . . ." A-ha. Hindi. Nais ko siyang maging isang mahinhing dilag. 164 O Panginoon, panatilihhin Mo akong nakasilong sa Bato. Siya nga. Sa Efeso 5:26, ang tanging paraan para makalusot ka sa Batong iyon, ay ang mahugasan ka ng tubig ng paghihiwalay sa pamamagitan ng Salita. Tama.

75 Ngayon, huwag n'yong hayaang bugahan kayo ng diablong ito ng kaniyang edukasyon. Huwag, huwag. Papatayin nito ang inyong impluensya. Huwag n'yong hayaang kunin iyan ng diablo, "Buweno, kabilang ako sa iglesiang kinabilangan ng nanay ko, ganun din ng lolo't lola ko." Huwag n'yong hayaang bugahan kayo ng diablo nang ganiyan. Sinabi na ng Biblia, hinggil sa Pitong Kapanahunan ng Iglesia, at iba pang mga bagay na naroroon, ang lahat ay nauwi na sa binhi. Tama. Ang kabuuan nito ay nabulok na. Ang kabuuan nito ay mistulang sugat na nabubulok. Huwag n'yong hayaang bugahan niya kayo, na sinasabing, "Buweno, mas mataas na etika ito. Mas edukado kami kaysa dati." Huwag n'yong hayaang malinlang kayo niyan. Naipakita ko na sa inyo ang kaniyang buong programa ng sibilisasyon, edukasyon, siyensiya. Naipasok na niya ito sa loob mismo ng iglesia, at huwag n'yo 'yon pakikinggan. Layuan n'yo ang mga maruruming telebisyong iyan at mga bagay-bagay at . . .

76 Ang sabi ng teksto natin, "Huwag kayong magsiayon, kundi mag-iba kayo." Huwag kayong pumasok at magsabi, "Kinumpilan ako nung Linggo." Huwag. Pumasok at mabago ka ngayon, mabago mula sa kung

ano ka ngayon tungo sa nais ng Diyos na kalabasan mo. 167 Ngayon, depende iyan sa uri ng binhing nasa sa iyo. Kung ang nailagay sa iyo ay isang intelektuwal, edukasyonal na binhi, isang bagay lang ang magagawa nito: ang sirain ang iyong anyo; iyon lang. Sa isang anak na lalaki o babae ng Diyos, iyon lang ang maaaring magawa nito. Ang mga tao sa araw na ito, sa pagtingin ko sa labas, umaasta silang tila ba di sila naniniwalang may Diyos.

77 Ipagpaumanhin n'yo ang ekspresyong ito. Kung nasaktan nito ang damdamin ng sinuman, hindi ko sinasadya. Dalawang Linggo na ang nakararaan niyaya ako ng anak kong babae na lumapit sa telebisyon at panoorin ang isang relihiyosong awitan. Linggo ng umaga iyon. Gusto kong marinig si Oral Roberts sa kaniyang programa. Sinabihan ko silang ipaalam nila sa akin. Ang sabi, "Pakinggan mo ito, isa itong magandang pag-awit ng himno." Nakatayo rin doon ang anak kong lalaki. At ipinihit ko ang telebisyong iyon . . . 169 Nagrerenta kami sa isang babaeng may telebisyon sa kaniyang bahay. Kailan man ay hindi ko layon na magkaroon ng isa sa aking bahay. Hindi po. Ayaw ko ng bagay na iyon sa aking bahay. Pasasabugin ko iyon ng aking baril na de sabog. Ayaw kong magkaroon ng anumang kinalaman sa masamang bagay na iyon. Ayaw ko po. Ngunit kumuha ng isang . . .

78 Hayaan n'yong magsabi ako ng tungkol sa inyong mga taga Arizona. Nakita n'yo ang pagsusuri nung isang araw tungkol sa mga iskuwelahan, hindi

ba? Walumpung porsyento ng mga bata sa mga paaralan ng Arizona ay may diperensya sa pag-iisip, animnapu't pitong porsyento ng mga ito ay dahil sa panonood ng telebisyon. 171 Paano iyan? Buti pa gamitin n'yo na ang inyong baril na de sabog. Kita n'yo? Ngayon, huwag n'yong hayaang bugahan kayo ng diablo ng ganiyan. Huwag po. Ngayon, ang mga tao, tulad ng sinabi ko, kung umasta sila ay parang hindi nila kailangang mahatulan. 172 Ang mga batang lalaki't babaeng ito, mayroon silang pamilyang Indiano, at lahat ng iba pa. Sa wari ko'y isang lalaking ang ngalan ay Mr. Pool ang pangulo nito. At kung nakakita ako ng isang modernong pangungutya ng mga himno, ito'y kung papaano nila ito isinagawa; isang bungkos ng mga Ricky na nakatayo ro'n, winawagwag ang kanilang mga kamay.

79 Tunay na pinahahalagahan ko ang binatang umawit kaninang umaga, mukhang disente tulad ng isang tunay na lalaki. Gusto ko iyon. Kapag kayong mga negosyante minsan ay nakakukuha ng isang bungkos ng mga Ricky na tumatayo rito, at naglululundag at naghihihiyaw, at nagwawala, at pinipigil ang kanilang hininga hanggang mangasul ang kanilang mukha; hindi iyon pag-awit, iyong ay paglikha lamang ng maraming siyentipikong ingay. Ang pag-awit ay himig na mula sa puso.

80 At naisip ko, "Kahabag-habag. Kahiya-hiya." Kung papaanong sa ngalan ng relihiyon, umaasta silang parang walang Diyos. May nagsabi nung isang araw sa binatang naghahatid sa anak kong babae. May isang binatang Cristianong nagsabi, nagbanggit siya ng isang marunong na pangungusap tungkol kina Adan at Eva, aniya, "Sa paglalakad ni Eva sa halamanan, ika niya, 'Mga anak, nakikita n'yo ba ang punong kahoy na iyon?' Sabi niya, 'Dahil sa pagkain diyan ng ina n'yo napaalis tayo sa bahay natin at tahanan.'" Maiisip n'yo ba iyon, dapat sana'y isa siyang matatag na Cristiano, na tumatanggap ng pangako at Salita ng Diyos at pagkatapos ay itinatapon lang sa isang kural ng baboy. Kung umasta sila ay parang hindi sila mahahatulan. Ngunit hahatulan ng Diyos ang bawat lihim. Kung umasta sila ay parang walang Diyos.

81 Ayaw kong tawagin silang mga hangal, sapagkat ang sabi ng Biblia . . . ang hangal, hindi tama iyon. Sinabi ni Jesus na hindi tama 'yon. "Huwag n'yong tawaging hangal ang sinuman." Ngunit sa Mga Awit 14:1, "Ang mangmang ay nagsabi sa kaniyang puso, 'Walang Diyos.'" Kita n'yo? Hindi sila . . . Ayaw kong tawagin silang mga hangal, ngunit ganu'n sila kung umasta. Kita n'yo? Ganun sila kung umasta.

Kaya nakikita n'yo kung nasaan na tayo sa araw na ito, parang walang Diyos. "Kabilang ako sa simbahan. At ang lahat ng iyan, ang Biblia ay isang malaking biro lamang. Alam ng aming igleisa kung saan kami tutungo." Siyanga, diretso sa impiyerno (Iyon nga.), nasa daan na nga kayo, sa pamamagitan ng siyensiya at edukasyon, mga teolohikal na seminaryo at iba pa, pinagmamatulin sila sa daan. Walang pagkakataon ang Espiritu Santong magbigay ng kapahayagan tungkol sa anumang bagay; tinapos na ng seminaryo ang paliwanag dito. 177 Ang Espiritu dapat ang manguna sa atin, hindi ang isang seminaryo, hindi mga obispo at mga tagapamahala, at iba pa. Ang Espiritu Santo ang ating Tagapanguna. A-ha.

82 Ganiyang uri ng tao si Cain. Tunay ngang napakarelihiyoso niya. Ngayon, kung ang relihiyon lang ang kailangan mong taglayin, kung gayon ay hindi matuwid ang Diyos sa pagkukundena kay Cain. Sapagkat relihiyoso siya (Kita n'yo?) singrelihiyoso at sinsero ni Abel. Alalahanin n'yo ngayon, nagisip siya ng tungkol sa Diyos; sumamba siya sa Diyos; may simbahan siya; nagtayo siya ng altar; nag-alay siya; nanalangin siya; sumamba siya; ngunit siya ay tinanggihan. Gaaano man ang . . . Ganu'n din si Esau. Kita n'yo? 179 Relihiyon (Kita n'yo?), iyan ang trabaho ni Satanas, hindi ang utasin ito nang lubusan, kundi ang dumihan lamang. Iyon lang. Hindi niya ito lubusang uutasin. Oh, hindi ang mga komunista, hinding-hindi; hindi komunismo ang anticristo. Ang sabi ng Biblia, "Dadayain nito pati ang hinirang kung maaari lamang." Huwag n'yong pansinin ang kurtinang bakal, kundi ang kulay ube. A-ha.

83 Ngunit, pansinin n'yo. Si Cain ay sumamba, ngunit mali ang binhing taglay niya: binhi ng serpente.

Humuni ang serpente sa kaniya, sapagkat siya ang binhi ng babae. Alam niya ang sakdal na kalooban ng Diyos, ngunit tinanggihan niyang gawin ito. Alam n'yo ba 'yon? Alam ni Satanas ang kalooban ng Diyos, ngunit tinatanggihan niya lang ito. 181 Pansinin n'yo, nakita niyang binindika ng Diyos ang mensahe ni Abel. Ngayon, nais kong mag-isip kayo; gamitin n'yo sandali ang inyong Panala ng taong nag-iisip. Ang tamang mensahe ni Abel, na binindika ng Diyos bilang Katotohanan . . . Humahatak na ba kayo ngayon? A-ha. Tinanggap ang mensahe ni Abel, at nakita iyon ni Cain at alam niyang binindika ng Diyos ang mensaheng iyon, tama. Ngunit sadyang hindi n'ya 'yon magawang tuparin. Inilayo siya roon ng kaniyang kapalaluan. Tama, hinadlangan siyang tuparin iyon ng kaniyang kapalaluan. Nakita niyang binindika ng Diyos ang mensahe.

84 Kaya tila ba napakahirap para sa mga tao ngayon na magpakumbaba sa Salita ng Diyos. Sadyang ayaw nila itong tuparin. Magpapakumbaba sila sa kredo ng simbahan, oo, ngunit hindi sa Salita ng Diyos. 183 Kung nais mong masumpungan ito, magtungo ka sa . . . May mga Kasulatan ako rito, na aking tinuturan: Genesis 4:6 at 7. Sinabi ng Diyos kay Cain, "Bakit nalumbay ang iyong mukha, dahil sa hindi Ako nagpunta sa iyong simbahan? E bakit mo ginawa 'yon?" Gumagamit ka ba ng Panala ng taong nag-iisip? Kita n'yo? 184 O, "Bakit hindi n'yo . . . Bakit ganiyan ang itsura mo?" Aniya, "Kung gagawa ka nang mabuti, tularan mo ang ginagawa ng kapatid mo; tatanggapin rin kita at pagpapalain. Pareho rin ang gagawin Ko sa iyo." Ngunit sadyang hindi niya iyon magawa. Ang sabi niya, "Kung hindi mo ito gagawin, ang kasalanan ng di pananampalataya ay naghihintay sa pintuan."

85 Ngayon, kapag sinasabi nila sa atin, "Ang panahon ng himala ay lumipas na." At nakikita nilang ganap itong nabibindika at napatutunayan (Kita n'yo?), lahat ng mga bagay na ipinangako ng Diyos na gagawin Niya sa huling mga araw, na may kinalaman sa Apocalipsis 10, Malakias 4, lahat ng mga iyon ay ganap na nabindika, ano'ng problema, mga kapatid? Ano'ng mali? Kita n'yo? 186 Kung ayaw nila, ang di pananampalataya, na siyang kasalanan . . . Iisa lang ang kasalanan; iyon ay ang di pananampalataya. Tama. Hindi ka nakukundena dahil ikaw ay umiinom, naninigarilyo, nagmumura, nagshoshort, at gumagawa ng anumang ginagawa mo. Hindi, hindi ka nakukundena diyan. Sapagkat hindi ka sumasampalataya. Kung sumasamapalataya ka, hindi mo iyon gagawin. Kita n'yo? Hindi iyan ginagawa ng isang mananampalataya. Gumagamit siya ng Panala ng isang lalaking nag-iisip (Kita n'yo, kita n'yo?), o ng Panala ng isang babaeng nag-iisip, anuman sa dalawa. Tama. Ngunit, kita mo, ang kasalanan ay nakaabang sa pintuan.

86 Ngayon, pansinin n'yo kung ano'ng ginawa no'n kay Cain, gayon din sa araw na ito. Pinaalis nito si Cain na isang sadyang makasalanan. Sinadya niyang maging masuwayin. Ang bawat tayo ay magkakagayon. Sinadya niyang maging masuwayin matapos niyang makitang lubos na nabindika ang mensahe ni Abel, na iyon nga ay totoo, pagkatapos ay tinanggihan niyang sundin. Gano'n ang ginawa niya no'n. Tumawid siya sa hangganan. 188 May guhit kayong maaaring tawirin. Alam n'yo 'yan, di ba? Ngayon, mga ministro, dito man o sa mga nakikinig sa telepono kung saan ay naririnig ito sa buong bansa, napagtatanto n'yo ba iyon? Kapag nakita n'yong ito ay nasa Kasulatan, pagkatapos ay ayaw n'yong sundin, ang Diyos ay hindi

palaging . . . Kaniyang . . . Oh, patuloy kayong pagpapalain. Gayundin ang bawat isa sa Israel, namuhay sila sa ilang, nagpalaki ng mga anak, nagtanim, at pinagpala, at lahat na, ngunit lahat sila ay nahiwalay magpawalang-hanggan sa Diyos. Iyon ang sabi ni Jesus. Oh, siyanga, patuloy kayong pagpapalain ng Diyos, ngunit wala na kayo. Tiyak iyon. Ganiyan ang sinasabi ng Biblia; iyan ang sinabi Niya. Pansinin n'yo, maaari n'yong tawirin ang guhit-hangganan. Naniniwala ba kayo riyan? Ginawa iyon ni Cain.

87 Buklatin natin ito sandali; ang nandito sa'kin ay Hebreo 10:26. Tignan natin kung makikita ko nang mabilis. Sa Aklat ng Mga Hebreo, ika-10 kabanata at sa, wari ko'y, ika-26 na talata. Isinulat ko 'yon dito. Sandali lang, kung mapagpapasensiyahan n'yo ako, basahin lang natin sandali. Tama, heto na. Sapagkat kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap ang pagkakilala sa katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa mga kasalanan.

Kundi isang kakilakilabot na paghihintay sa paghuhukom, at isang kabangisan ng apoy na lalamon sa mga kaaway. 190 Ganiyan ANG SABI NG BANAL NA SALITA NG DIYOS. Kung sadya tayong di mananampalataya matapos natin Itong makita at marinig, kung gayon ay nakatawid na tayo. Hindi na ito mapapatawad kailan pa man; tinawid mo na ang hangganan. "Oh," sasabihin mo, "pinagpapala pa rin ako ng Diyos." Oh, talaga.

88 Alalahanin n'yo ang Israel, ang hangganan . . . Nang mangako ang Diyos sa kanila, sa lupaing banal—ang lupain ay sagana sa gatas at pulot. 192 At nang isugo ni Moises sina Caleb at Josue, pati na ang mga tiktik, na pumaroon upang tiktikan ang lupain, at nag-uwi sila ng binindikang katunayan, ang sabi ng sampu, "Hindi natin kakayanin. Hindi natin kaya. Tingnan n'yo kung ga'no kahirap doon. Magiging mga panatiko tayo. Angliliit nitong mga sadata natin. Tignan n'yo ang sa kanila. Hindi natin kakayanin. Hindi natin kaya." 193 Ang sabi nina Josue at Caleb, "Kayang-kaya natin iyon. Ang Diyos ang nangako." 194 At alalahanin n'yo, nagsibalik sila. Iyon ay sa Kadesh-barnea. At nagsibalik sila at naging mga palaboy sa

ilang. At bawat isa sa kanila ay namatay at napahamak magpawalang hanggan. Iyon ang sabi ni Jesus. 195 Huwag kayong tumawid sa guhit ng hangganan. Kita n'yo? "Kapag alam mong gumawa ng mabuti, at hindi mo ginagawa, kasalanan mo iyon."

89 Ganu'n din ang ginawa ng Israel. Matapos nilang makitang nabindika si Moises, ay hinayaan nilang bugahan ni Balaam ang mahalagang binindikang binhing iyon . . . Pastor, huwag na huwag kang magsalita ng anuman laban sa Salitang ito. Tignan mo si Balaam, isa siyang propeta, at nakita niyang binindika ang binhi ng Diyos. Ngunit sa silong ng kaniyang dakilang denominasyong kinamumuhayan, nakita ni Moab ang lupon ng mga palaboy na iyon na tumatawid sa ilang; binugahan niya ito, at aniya, "Buweno, sandali lang. Cristiano tayong lahat. Mananampalataya tayong lahat. Aba e, ang ating mga magulang ay iisa. Hindi ba't mga anak tayo ni Lot? Hindi ba't pare-pareho lang tayo? Magpakasal tayo sa isa't isa." At ang Israel, tulad ni Eva sa halamanan ng Eden, ay pumayag na bugahan siya ni Satanas, binugahan niya rin ang Israel sa pamamagitan ng isang bulaang propeta. Samantalang kasa-kasama nila ang tunay na propeta taglay ang binindikang Salita. Nrunti sa pamamagitan ng isang intelektuwal na kaalaman at unawa ay binugahan niya sila. Pag-isipan n'yo. Ngayon, hindi na iyon kailanman napatawad; ang kasalanang iyon ay hindi na kailanman napatawad.

90 Ang mga binhi ay nabulok sa daan mismo ng pagtupad ng tungkulin patungo sa ipinangakong lupain. Bawat isa sa kanila ay nangamatay ay nangabulok, doon mismo sa iglesia sa hanay ng tungkuling sumunod sa Diyos, at pinayagan nilang bugahan sila ni Satanas ng intelektuwal na bugang iyon, edukasyonal, intelektuwal na pagkaunawa, na nagsasabing, "Aba, iisa lang tayong lahat; mga anak tayong lahat ng Diyos." Hindi. Ngunit hinayaan niyang bugahan sila ng bulaang gurong iyon ng intelektuwal na pagkaunawang taglay niya tungkol dito. 198 Tulad din ng ginagawa ng Konsehong Ekumenikal ngayon (Kita n'yo?), pareho rin, "Aba, magsasanib-sanib tayo sa isang dakilang organisasyon." Ang buong sistema ng inyong organisasyon ay sa diablo. Ito ang tatak ng hayop, sa Biblia. Magkakaroon ako ng aklat tungkol dito di na magtatagal, kung loloobin ng Panginoon.

91 Pansinin n'yo, sa panahon ni Noe, nakikita nilang itinatayo ang Salita upang lumutang . . . Ngayon, hayaan n'yong gumawa ako ng munting pahayag dito. Ang Salita ay kasalukuyang binubuo upang malipat mula sa lupa patungo sa kalawakan. Nakikita nila ang istruktura niyon; ngunit sa kanilang mga intelektuwal na pagkaunawa, ay nagtawa sila sa harap ng propetang si Noe, nang magpropesiya siya tungkol sa huling panahon. Ngunit anong ginawa . . . Ang istruktura ay yari sa Salita ng Diyos, sinahingan sa loob at sa labas ng panalangin at pananampalataya. Nang dumating ang ulan, lahat ng mga intelektuwal na pagkaunawa ng mga relihiyon ay nangamatay at nangabulok sa mga simbahan nila mismo, sa ibabaw ng lupa. At lumutang ang

arka sa ibabaw ng lahat ng iyon. Ang siyentipikong pambugang binhi ay nabulok sa kahatulan.

92 Ano bang sinisikap nating gawin? Sinisikap ba nating itatag ang ating simbahan o pinagsisikapan nating itatag ang Salita ng Diyos? Ano bang sinsisikap nating gawin? Ano bang tinatrabaho natin? Sinisikap ba nating ibalik dito ang mga tao? Ano bang sinisikap gawin ng dakilang Evang ito sa mga huling araw, ang iglesiang Eden na ito? 201 Kakailanganin ko nang magtapos kaagad, kapatid, 'pagkat naggagabi na nang husto. [May kapatid na nagsabing, "Magpatuloy ka!"—Ed.] Bigyan n'yo lang ako ng mga labinlimang minuto pa, at titigil na ako sa Kasulatan ko rito. Tama. Alam ko. Ating . . . Marahil ay gusto nang pumasok dito ng mga tao upang maglinis. Ngunit tila nahihirapan akong tumigil. Magmamadali ako. Sige.

93 Tignan n'yo, ang malaking siyentipiko, makaedukasyon, at hybrid na Eva sa araw na ito, na tinatawag na iglesia, ano'ng sinisikap niyang gawin? Sinsikap ba niyang itaas ang Salita ng Diyos, pagkatapos ay hinahayaan niyang magpatuloy ang mga tao sa kanilang ginagawa? Hindi sila gumagamit ng Panala ng taong nag-iisip, o Panala ng Diyos. Tignan n'yo kung anong ibinubunga nito. Itinataas nila ang kanilang mga sarili. Ang iglesia, sa kaniyang nasirang binhi ng programang pangkaalaman, ay nagbunsod sa buong sangkatauhan upang maging ignorante sa Salita ng Diyos sa paraang makasiyensiya. Ngayon, sasapuhin ko ang mga pananalitang iyon; hindi ko na pipigilin ang mga ito nang matagal, para matapos na. Ignorante sa paraang siyentipiko . . . Habang ang Diyos, dito mismo sa lupa, ay gumagawa ng mga bagay na ginagawa Niya sa pamamagitan ng Kaniyang ipinangakong Salita, pagkatapos ay binabalewala nila't nilalayuan sapagkat sila ay ignorante sa paraang makasiyensiya: ignorante sa paraang makasiyensiya.

94 Napangiti ako dahil sa isinulat ni Brother Williams sa kapirasong papel, "Ituloy mo nang buong maghapon," parang ganu'n. Ngunit pinapahalagahan ko iyon, talagang mabuti iyon.

95 Ngunit sinasadya ng mga taong magkasala. Isinadlak nito ang buong sistema ng daigdig ng iglesia sa sadyang pagkakasala laban sa Diyos. Aba'y, patutunayang tama iyan ng karaniwang kadisentihan. Tama. Binulag ng lambong ng pita ang kaniyang mga mata, sa Salita ng Diyos, at nasumpungan niyang hubad na naman ang kaniyang sarili. Alam n'yo, ang Diyos, sa Apocalipsis 3 ay nagsabi, "Halikayo't magsibili kayo sa Akin ng pamahid sa mata, upang mabuksan ang inyong mga mata." Kita n'yo? Ang pamahid sa

mata ay ang Kaniyang Salita.

96 Alam n'yo, ang sabi nila, "Buweno, ang lalaking ito ay nag-aral ng apatnapung taon upang makuha ang kaniyang mga degree. Siya'y isang B.L.D., D.D., at lahat ng ito." Ito'y . . . 206 Alam n'yo kung anong sinabi ni Jesus tungkol diyan? Ang sabi Niya, "Tanggihan ng tao ang kaniyang sarili." Ganu'n ang ginawa ni Pablo. Sasabihin mo, "Hindi 'yon ang ibig sabihin no'n." 207 Buweno, bakit inulit ito ni Pablo kung gayon? Ang sabi niya, "Hindi ako napaririyan sa inyo na may mga mapang-akit na pananalita ng karunungan ng tao, sapagkat do'n n'yo isasalig ang inyong pag-asa. Ngunit pumapariyan ako sa inyo sa kapangyarihan at pagpapahayag ng Espiritu Santo, upang ang inyong pananampalataya ay masalig sa Salita ng Diyos, hindi sa pagpapahayag ng karunungan."

97 Tila naiwala na ng mga tao ang kanilang karaniwang kadisentihan at kababaang-loob. Hindi na sila tulad ng dati. Dati-rati kapag sinabi ng propeta, GANITO ANG SABI NG DIYOS, nanginginig ang mga tao. Siyanga, ganu'n nga talaga. Ang mga tao'y nakikilos, sapagkat natatakot sila. Ngunit ngayon nawala na ang lahat ng takot nila. Hindi na sila natatakot sa Diyos. 209 Ang sabi ni Solomon, "Ang takot sa Diyos ay pasimula ng karunungan," pasimula pa lamang ito. 210 Ngunit ang propeta ay makapangungusap ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON; ang sabi ng mga tao, "Walang kabuluhan." Kita n'yo, wala na silang pag-asa. Ito'y . . . Ang sabi nila, "Aba'y, marurunong kami. Mga intelektuwal kami; hindi namin kailangang tumanggap ng ganiyang bagay. Alam namin kung anong sinasabi namin." 211 Isa ring lumang kawikaan, ang nagsasabing nilalakaran ng mga mangmang na nakatakong nang matulis ang kinatatakutang lakaran ng mga Anghel. Tiyak nga.

98 Ngayon, ano ang transpormasyon? (Bilisan natin.) Papaano natin ito nakukuha? Anong nagagawa ng transpormasyon? Ginagawa ito ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu ng Kaniyang Salita. Bumabago Siya ng anyo. Itinatanim Niya ang Kaniyang binhi, dinidiligan ng Kaniyang Espiritu, at namumunga ito ng produkto. Binababago ng Espiritu Santo ang anyo ng Binhing Salita para mabindika ayon sa uri Nito. 213 Kung anong uri ka ng binhi, ipinapakita niyan kung anong nasa loob mo. Hindi mo ito maitatago. Ano ka man sa iyong kalooban ay makikita sa labas. Hindi mo ito maiiwasan. Hindi mo maaaring gawing iba ang puno maliban sa kung ano ito talaga. Kita n'yo, magkakaganiyan nga talaga. Binababago ng

Espiritu Santo ang anyo ng mga binhing nasa loob nito. Ayon sa uri ng binhi, babaguhin Nito ang anyo niyaon. Kung masama ito, mamumunga ito ng masama. Kung ito ay ipokrito, mamumunga ito ng isang ipokrito. Kung ito'y tunay na Salita ng Diyos, mamumunga ito ng isang tunay na anak na lalaki o babae ng Diyos, sa pamamagitan ng Panala ng taong nag-iisip. Kapag umusbong ang binhi, dumaraan ito Roon; namumunga ito ng anak na lalaki o babae ng Diyos.

99 Isang araw nang ang mundo ay nakahimlay sa kadiliman ng kaguluhan, ang Diyos . . . Ngayon, makinig kayo nang husto dahil sandali na lang tayo mangungusap. Tignan n'yo. Isang araw, nang ang mundo ay muling nasadlak sa lahat ng uri ng mga relihiyon, sa paghuhugas ng kamay, ng mga kaldero, pagsusuot ng iba't ibang balabal at bonet, at iba pa, muli na naman itong nasadlak sa isang malaking kaguluhan. Ang tunay na Israel ng Diyos ay labis nang nailiko sa mga kautusan at mga alituntunin ng Diyos, na ang sabi ni Jesus, "Sa pamamagitan ng inyong mga tradisyon ay winawalang kabuluhan ninyo ang Salita ng Diyos sa mga tao." At tignan n'yo ang mga banal na paring iyon kung tawagin nila; at ang sabi ni Jesus, "Kayo ay sa inyong amang diablo, at ang mga gawa niya ay ginagawa n'yo."

100 Ngayon, nang ang mundo ay nasa gayong kalagayan, kumilos muli ang Espiritu ng Diyos sa isang Binhing itinalaga. Binigyan Niya ng kahulugan at tinupad ang Isaias 9:6 ayon sa pangako; Siya, ang Diyos, ay napasalamang-tao upang iligtas ang magulong panahong iyon. Nang likhain ang tao sa larawan ng Diyos, ipinapakita na ng Diyos, sa pamamagitan ng propeta . . . Ngayon, alalahaning nakita na ng propeta ang Salita una pa man, ang propeta ding iyon na nakakita kay Satanas sa huling mga araw (Kita n'yo?), ng palatuntunang edukasyonal at iba pang mayroon siya, ng relihiyosong programa. Ang propeta ring iyon, Isaias 9:6, ang nagsabing, "Sa atin ay isinilang ang isang Bata, ibinigay ang isang Anak na lalaki; at ang pangalan Niya ay tatawaging Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, walang Hanggang Ama. At ang Kaniyang paghahari ay hindi magtatapos." At ang Salitang iyon ay Salita ng Diyos. Kumilos ang Espiritu sa Salitang iyon, at nabuo Ito sa sinapupunan ng isang birhen (Amen.), isang anak na lalaki ang isinilang, hindi nilikha, isinilang.

101 Paulit-ulit na sinubukan Itong bugahan ni Satanas. Dinala Siya sa isang mataas na dako at sinabing, "Kung ikaw nga ang sinasabi mo, kung gayo'y gumawa ka ng ilang pagpapagaling para sa akin. Ipakita mo sa akin kung papaano Mo ito nagagawa. Gawin mong mga bato ang tinapay na ito. Tignan nga naming tumalon ka, sapagkat sinasabi ng Kasulatang gagawin mo iyon."

Siyanga, ngunit nakikita n'yo ba ang mga relihiyosong demonyong iyon sa araw na ito na ganu'n pa rin ang sinasabi? "Kung may ganiyang Makadiyos na pagpapagaling, nakahiga rito si Brother Ganito-at-ganiyan, ipakita mo sa amin na pinagagaling mo siya." 218 'Yan din ang demonyong tumayo sa tabi ni Jesus, sa krus at nagsabing, "Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, bumaba ka sa krus." 219 Sinabi ng Salitang Siya ang Anak ng Diyos. Pinatunayan ng Espiritung Siya nga ang Anak ng Diyos. Natupad ang

Isaias 9:6. At nung isang gabi, marami sa inyong nasa brodkas ang nakarinig kung papaanong nagbigay tayo ng halos mga animnapung Kasulatan, sa wari ko, na nagpapatunay na sinabi ng Kasulatang Siya nga Iyon.

102 Oh, paulit-ulit na sinubukan ni Satanas na gawin ang lahat. Isang gabi, nakahiga Siya sa likuran ng bangka, nakita niya Siyang natutulog. At ang sabi niya, "Papatayin ko na Siya ngayon din." Ngunit hindi niya nagawa. 221 Sinubukan niyang tuksuhin Siya upang gumawa ng mali, ngunit hindi niya nagawa. Bakit? Binugahan kasi Siya ng pambugaw mula sa predestinasyon. Hindi ito maaaring dayain. Hindi, hindi. Sinabi ng Salitang maparirito Siya. Amen. Walang demonyong maaaring gumambala sa Kaniya, at wala nang iba pang anak ng Diyos na maaaring kumuha ng lugar niya. Binugahan Siya ng isang pambugaw. Ang lason ni Satanas, at ang mga duktor ng denominasyon ay di Siya magalaw kaunti man. Nagpatuloy Siya, walang makagagambala sa Kaniya. Kita n'yo? Wala itong epekto sa Kaniya.

103 "Buweno, gagawin kitang obispo ng buong mundo. May pamamahala ako rito. Kung sasambahin Mo lang ako, at sasapi ka sa grupo ko, gagawin kitang pinuno. Bababa ako, Ikaw ang luluklok." 223 Ang sabi Niya, "Lumagay ka sa likod Ko, Satanas. Nasusulat, 'Sasamba ka sa Diyos, ang Salita, at Siya lamang iyong paglilingkuran."' At isang araw . . . Nais kong manatili tayong nangungusap tungkol sa dakilang Personang ito sumandali. 224 Ngunit isang araw, kumilos na muli ang Espiritu sa Kaniya; 'pagkat may mga Salitang naisulat tungkol sa Kaniya, na mula sa Diyos, sa pamamagitan ng propeta, "At inakay Siya sa katayan tulad sa isang kordero." Kumilos ang Espiritu sa Kaniya, at inakay Siya, at dinala Siya sa krus ng Kalbaryo. Doon ay namatay Siya. At lahat ng sinabi tungkol sa Kaniya sa Kaniyang kamatayan, ay natupad upang maghatid ng Liwanag at Buhay sa lahat ng predestinadong binhi ng Diyos na nasa ibabaw ng lupa. Siya ang nabigaydaan upang matupad ito. Narito ang Binhi; ang Espiritu ang naghahatid ng

Buhay, binababago ang mga anak na lalaki't babae ng Diyos mula sa madilim na kaguluhang ito sa sanlibutan patungo sa pagiging anak na lalaki't babae ng Diyos.

104 Huwag kayong matisod sa salitang iyan na, "predestinasyon." Alam kong natitisod kayo riyan. Ngunit, makinig kayo, hindi ko iyon salita. Isa ito sa mga Salita ng Diyos. Kung nais n'yong basahin, basahin n'yo ang Efeso 1:5, na nagsasabing, "Na tayo'y itinalaga Niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo." Kita n'yo? 226 Hayaan n'yo lang na tanggalin ko iyan sa inyong pag-iisip sa loob isang sandali. Tignan n'yo. tulad ng kayo ay nasa inyo nang ama nung pasimula, bilang isang binhing semilya . . . Alam n'yo bang ganu'n ang bawat isa sa inyo? Kayo ay nasa inyo nang ninuno nung pasimula pa lamang, alam n'yo ba iyon? 227 Basahin n'yo ang Aklat ng Hebreo, kung saan ay masusumpungan nating nagbayad ng ikapu si Levi nang siya ay nasa sinapupunan pa ni Abraham, apat na henerasyon bago siya dumating. Nang magbayad ng ikapu si Abraham kay Melchisedec, ibinilang ito sa kaniyang kaapu-apuhan, at nasa sinapupunan pa siya ni Abraham nu'n. Hayan. Kita n'yo?

105 Dati kayong nasa sinapupunan ng inyong ama, ngunit hindi niya magawang makisama sa inyo hanggang sa maging isa kayong katawang laman. 229 Ang anak kong nariyan ay nasa akin na dati pa. Nagnasa akong magkaanak ng lalaki, ngunit siya ay nasa akin na noon pa man. Kita n'yo? Nasa akin na siya noon pa man. Ngunit sa pamamagitan ng kasalan, naging isa siyang taong katulad ko, at nang magkagayo'y naging katulad ko na nga siya. 230 At nagiging tulad kayo ng inyong mga magulang (Kita n'yo?), 'pagkat nandu'n na iyon sa inyo nung pasimula pa lamang. Ngayon, kung tayo ay mga anak ng Diyos, mga katangian Niya . . . At kayo nga ay katangian ng inyong ama, hindi ng inyong ina, ng inyong ama. Ang semilya ay nasa ama. Kita n'yo? At ngayon, ang ina n'yo ang naging incubator na nagdalang-tao sa inyo, dinala ang binhi ng inyong ama. Kita n'yo?

106 At ang lupa, sa laman, ay incubator din na nagdadala ng binhi ng Diyos. Kita n'yo, tamang-tama nga. Wala iyon sa mundo, kung gaano kadakila ang mundo; kundi kung gaaano kadakila ang Diyos na lumikha nito. Kita n'yo, kita n'yo? 232 Ngayon, kung ikaw ay isang anak na lalaki o babae ng Diyos, kung gayo'y nasa Diyos ka na nung pasimula pa lamang. Ika'y isang katangian Niya. Kung wala ka roon nuon pa man, kung gayo'y wala ka ro'n kailanman at hindi mapaparoon magpakailanman. 233 'Pagkat, hindi ko magagawang dalhin, sa aking sinapupunan ang anak ng lalaking ito na naririto o ng lalaking iyon na naroroon, ang mga anak ko lang ang maaari kong dalhin, at tataglayin nila ang wangis ko. Aleluia. Nakikita n'yo ba?

107 Ang mga anak na lalaki at babae ay nasa Diyos na nung pasimula. Ngayon, tignan n'yo. sinasabi n'yong mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan. Naniniwala tayong mayroon tayong Buhay na Walang Hanggan. Buweno, iisa lang ang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at iyon ay ang Diyos. Iyon lang ang tanging Walang Hanggang, ang Diyos. Kaya kung mayroon kang Buhay na Walang Hanggan, ang Buhay na iyan na nasa iyo ay dati nang naroroon, at ikaw ay nasa sinapupunan ng Diyos bago pa magkaroon ng mundo. At nang ang Salita mismo . . . Si Jesus mismo ay tinawag na Salita, at sa San Juan 1, ang sabi, "Nang pasimula ay ang Salita, ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang tao at nananahan sa ating kalagitnaan." Kung gayon ay nasa sinapupunan ka noon ni Jesus, at nagtungo ka sa Kalbaryong kasama Niya. Namatay kang kasama Niya, at nagbangon kang kasama Niya. At sa araw na ito'y nakaupo tayong sa mga makalangit na dako sa Kaniya, puspos ng

Kaniyang Espiritu, mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Namatay tayong kasama Niya, nagbangong kasama Niya. Tiyak nga.

108 Ngayon, kung gayon, ngayon . . . Ngayon ay maaari ka nang makisama sa Kaniya. Hindi mo ito magawa noon, sapagkat isa ka pa lang Salita na nasa Kaniya, isang binhi. Ngunit ngayon ay ipinahayag ka na Niya, at nais Niyang makisama ka sa Kaniya. Nanaog Siya, nagkatawang tao upang magawa Niyang ganap na makisama sa iyo. Kita n'yo ang ganap na pakikisama? Ay naku, ang mga malalalim na hiwagang iyon ng Diyos, kamangha-mangha. Kita n'yo, hindi magawang makisama ng Diyos nang nasa Espiritu, kaya't naging tao Siyang kasama natin. 236 Si Jesus Cristo ay ang Diyos Mismo na naihayag, 'pagkat . . . Isa Siyang Anak sapagkat isinilang Siya, ngunit isa lamang iyong Tabernakulo upang Kaniyang matahanan. "Walang sinumang nakakita sa Diyos kailan man, ngunit ipinakilala Siya ng bugtong na Anak ng Ama." Gumawa ang Ama ng isang Bahay, isang katawan na matatahanan, nanaog Siya upang magawa n'yo Siyang hipuin. I Timoteo 3:16, "Walang pagtatalo, dakila ang hiwaga ng pagkadiyos; sapagkat ang Diyos ay nahayag sa laman, nakita ng mga Anghel, sinampalatayanan, tinanggap sa kalangitan." Kita n'yo? Ngayon, Kaniyang . .

109 Kayo bilang laman, at Siya bilang laman, kung gayo'y maaari na kayong magkasama, 'pagkat Siya ang katangian ng Pag-ibig ng Diyos. Ang Diyos ay pag-ibig. Tama ba? At si Jesus ang katangian ng pag-ibig ng Diyos. At nang maipamalas ang katangian ng pag-ibig, at iyon ay ang Diyos Mismo; lahat ng mga katangiang nakakabit sa Kaniya, ay nagsilapit sa Kaniya, "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin." Tiyak iyon, kailangang maging predestinado sila. Kung hindi, hindi ka mapaparoon. Iyon lang. Tiyak nga. 238 Ngayon, maaari na tayong magkasama, sa mga kayamanan ng Kaniyang Salita, at bahagi kayo Nito. Kayo ay bahagi ng Salita; 'pagkat Siya ang Salita sa pasimula; kayo ang Salita ngayon. Kita n'yo? Mangangaral ako mamayang gabi, o sa Linggo, o isa mga araw ng pagparito ko, tungkol sa kung ano ba ang Salita. Kita n'yo? At ngayon, kayo ay bahagi ng Salita.

110 Makinig kayo. May isang bagay akong hindi magagawa. Hindi ko maipagmalaki ang aking mga ninuno. Hindi, nagmula ako sa isang napakagulong lahi. Ang ama ko ay isang Irishman. Ang ina ko naman ay isang Indian, mestisang Indian; ang ina niya ay isang Indian, pensionada. Ngayon, lahat sila, mga lasenggo, karamihan ay namatay nang nakasapatos, nakikipag-away, mga mamamaril, at iba pa. Wala akong maipagmalaki diyan, 'pagkat ang mga ninuno ko at ang aking lahi ay kakila-kilabot. 240 Ngunit kapatid, may isa akong maipagmamalaki, maipagmamalaki ko ang aking Panginoong Jesus na tumubos sa akin. At sa pamamagitan ng Kaniyang kapangyarihang bumago ay nagtanim Siya ng binhi sa akin sa pamamagitan ng predestinasyon, at nakita ko Iyon. Kanino ba akong anak ngayon? Siyanga. Maaari ko Siyang maipagmalaki. At ginugol ko ang tatlumpu't tatlong taon ng aking buhay sa pagmamalaki sa Kaniya. Kung bibigyan Niya ako ng isa pang tatlumpu't tatlong taon, sisikapin kong higit na maipagmalaki Siya. Kita n'yo? Maaari ko nang maipagmalaki ang aking Ninuno (Alleluia.), Siya na tumubos sa akin at nagtanin ng binhi ng Buhay dito, at nagtulot na matunghayan ko ang Salitang ito, nagsugo ng Kaniyang Espiritu at nagsabing, "Heto na Iyon. Bigkasin mo; ito'y magaganap. Gawin mo iyan." At naku, maipagmamalaki ko Siya. Papaano Niya ito ginawa? Sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig ng Salita, ang Tubig ng paghihiwalay, sana'y magawa pa nating maipaliwanag ito.

111 Ang tunay na itinalagang mga mananampalataya ay mananatili sa Salita sapagkat bahagi sila ng Salitang iyon. Oh, mga galang tala, gaano katagal pa kayong gagala? Kayong mga Methodist, Baptist, Presbyterian, mga tagalabas, anuman kayo, mga galang talang palipat-lipat sa iba't ibang simbahan, iba't ibang lugar, iba't ibang telebisyon, iba't ibang mundo, ba't di kayo magsiuwi

na? Naghahangad Siyang makisama sa inyo. Nananabik Siya sa inyo. Nais Niyang baguhin kayo sa pamamagitan ng pagbago sa inyong pag-iisip, hindi patungo sa simbahan o sa denominasyon, kundi sa Kaniyang Salita, at kayo ay bahagi Nito kung ang pagnanasang iyon ay nasa inyo. 242 Mapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran: sapagkat sila ay bubusugin. (Kita n'yo? A-ha.) 243 At sinugo Niya ang Kaniyang kapangyarihang bumago upang alisin kayo sa pagkasira ng anyong ito bunsod ng relihiyon na kinasadlakan n'yo. Sa pagkasirang ito ng anyo at kaguluhang kinaroroonan natin, isunugo ng Diyos ang Kaniyang kapangyarihang bumago, ang Kaniyang Salita, na binindika, pinatunayan, upang ilabas kayo sa relihiyosong kasiraan ng anyong ito ng kamangmangan na inyong nilalakaran, "hubad, bulag, maralita, at hindi ito nalalaman." Pag-isipan n'yo ito, mga kaibigan.

112 Alam n'yo, isinugo ng Diyos ang Kaniyang kapangyarihang bumago upang tuparin ang Kaniyang Salita, at palitan ang buong katawan ni Sarah at Abraham: baguhin ang isang matandang lalaki at isang matandang babae, sapagkat ipinangako Niya itong gawin. 245 At anumang ipangako ng Diyos, iyon ay gagawin Niya. Walang anuman. Alinmang . . . Anumang bagay na baluktot, hindi maaaring may kinalaman do'n ang Diyos. Ngunit tutuparin Niya ang Kaniyang Salita, at isusugo Niya ang Kaniyang Espiritu. "Akong Panginoon ang nagtanim. Didiligan Ko Ito araw at gabi, upang huwag Itong maagaw mula sa Aking mga kamay." Sinasabi iyan ng Biblia.

113 Oh, mga galang tala, kayong may pagnanasa sa inyong puso. Tiyak na mayroon kayo nito, kung hindi'y hindi kayo mauupo rito ngayong umaga. At hindi kayo mapapasa mga simbahang iyan, at mga

awditoryum, at iba pang kinaroroonan n'yo, sa buong bansa, kung hindi kayo dinala riyan ng Isang Bagay. May kung sinong nangusap sa inyo. Huwag ka nang lalayo pa. May paglilinis ng tubig sa pamamagitan ng Salita, na magpapaputi sa inyo tulad sa niyebe. Oh, mga anak ng Diyos, makinig kayo. Huwag kayong manatili sa kasiraan ng anyong iyan. Magsilabas kayo. Sumampalataya si Abraham sa Diyos, at tinawag niya ang anumang bagay na salungat na . . . 247 Sasabihin mo, "Papaano akong mabubuhay? Papaano ko itong gagawin?" Ang Diyos ang bahala diyan. "Papaano akong . . . Tatanggihan na ako ng aking mga kasamahan." 248 Ang sabi ng Diyos, "Ang mag-iiwan ng kaniyang ama, ina, asawa, tahanan, bahay, bibigyan Ko ng mga tahanan, mga bahay; bibigyan Ko sila ng mga ama at ina, at mga kapatid na lalaki at babae sa mundong ito, at Buhay na

Walang Hanggan sa mundong darating." Isa itong pangako, kaibigan. Iyan, oh, kailangang madiligan iyan. Bawat pangakong ginagawa ng Diyos ay natutupad. Bawat Binhi ng Diyos ay isang pangako.

114 At, mga kapatid na babae, tigilan n'yo na ang pagpapaiksi ng buhok, sapagkat hindi ito karaniwan sa harapan ng Diyos. Tigilan n'yo na ang pagsusuot ng mga damit na iyan; karumal-dumal ito sa Kaniya. 250 Kayong mga kapatid na lalaki, kayong mga kalalakihan, tigilan n'yo na ang pagbibigay-lugod n'yo sa mga denominasyon at paggawa ng mga bagay na ito, at pagpapahintulot sa inyong mga asawang babae na gumawa ng ganiyang mga bagay. Hindi ito kaaya-aya sa mga Cristiano. 251 Magsibalik kayo sa Salita. Tanggapin n'yo ang Salita, Ito'y tutubo. Tutubo't tutubo ito. Ang kapangyarihan ng Diyos na bumago ang nagpasibol Dito unang-una, pabalik na Siya, upang kunin Itong muli. Nagbabalik Siyang muli sa kinaroroonan Nito dati.

115 Si Enoch ay nilipat mula sa kamatayan sa pamamagitan ng kapangyarihang bumago ng Diyos. Bakit ginawa iyon ng Diyos? Para maging isang tipo ng paparating na iglesiang aagawin. Siyanga. Ganu'n din si Elias. 253 Ang katawan ni Jesus ay binuhay na muli matapos na ito'y mamatay. At sa libingan, ang katawan ni Jesus ay binigyang buhay ng Salita ng Diyos, at binago, mula sa isang patay, malamig na anyo patungo sa nabuhay na muli, niluwalhating Anak ng Diyos; sapagkat ang propeta (Mga Awit 16:10), ay nagsabi, "Hindi ko iiwan ang Aking kaluluwa sa Sheol, ni pababayaan man ang Aking Banal na makakita ng kabulukan." O Diyos. 254 Ang Salitang iyon ay kinakailangang matupad, Salita Ito ng Diyos. Itanim n'yo ito sa inyong puso, kung nais n'yong makasama sa pag-agaw. Kung nais n'yong maging tunay na mga Cristiano, ipuwesto n'yo ang Salitang Ito. Tulad, sa wari ko, kay Ezekiel, ang sabi ng Diyos, "Kunin mo ang balumbon na iyan at iyong kanin," upang ang propeta at ang Salita ay maging iisa. At bawat pangakong naroroon ay kinakailangang mahayag, sapagkat ito'y orihinal na Binhi ng Diyos. Huwag n'yong hayaang bombahin ito ng kung sinong teologo palabas sa inyo. Huwag n'yo siyang hayaang sabuyan kayo ng karnal na siyensiya, at kaalaman, at edukasyon. Sumampalataya kayo sa Diyos.

116 Hindi tinanggap ni Abraham ang siyentipikong pagsasaliksik ng kaniyang panahon, na nagsasabing, "Masyado na akong matanda upang magkaanak. Sumobra na ako. Nagawa ko ang ganito, ganiyan, at iba pa." Ngunit itinuring niya ang anumang bagay na salungat sa Salita ng Diyos na tila ba wala. At hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos, kundi naging matatag, na

nagpupuri sa Diyos. Alam niyang kayang tuparin ng Diyos kung anong ipinangako Niya.

117 Oh, mga pagala-galang anak, pinapangit ng mga ligaw na baging ng mundong ito, mga pagala-galang kapatid na babae, na nahatak ng mga lugar at moda ng mundong ito . . . At, mahal na kapatid na babae, maaaring ituring mo akong matandang sintu-sinto, ngunit isa sa mga araw na ito kapag nakatagpo mo ang nakatagpo ni Florence Shakarian nung isang gabi . . . Naupo rin siya sa silid na ito, sa dakong ito, tulad ng nalalaman mo. Kapag nakatagpo mo iyon, malalaman mong hindi ako, kundi ang Salitang ito ang tama. Umiwas kayo sa mga pagupitang iyan, sa mga tindahan ng moda. Iwasan n'yo ang mga bagay na iyan. Sasabihin mo, "Ba't di sila turuan ng mga dakilang bagay, kung papaanong maging ganito?" Basta't magsimula kayo sa inyong a b k d, tayo ay darating sa algebra. Kita n'yo? Basta't masimulan n'yong matutunan, "kung ano'ng inyong katampatang paglilingkod." 257 Kaya nga ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, alang-alang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong iharap ang inyong katawan bilang isang buhay na hain, banal, at kaaya-aya sa Diyos, na siya ninyong katampatang pagsamba.

118 Basta't gawin n'yo ang inyong katampatang pagsamba; ang Diyos na ang bahala sa iba (Kita n'yo?); basta't pangatuwiranan n'yo ang kaya n'yo, at ito'y gawin. Hindi ba . . . Hindi ba't di makatuwiran para sa isang babaeng maghubad, at lumabas, at mag-aasta nang ganiyan, samantalang kinukundena ito ng Biblia? Hindi ba't di makatuwiran para sa isang lalaking ilulong ang kaniyang sarili sa dogmang tulad ng sa araw na ito, at sa lahat ng mga bagay na ito, at sa lahat ng bagay na ito ng seminaryo, at iba pang tulad niyan, samantalang lubos itong salungat sa Salita ng Diyos? Kita n'yo?

119 Ang bibig ni Isaias, isa lamang siyang karaniwang tao na may maruning bibig. Ang sabi niya, "Panginoon, nasa kalagitnaan ako ng maruruming tao, at marumi ang aking bibig. Sa aba ko sapagkat nakita ko ang Diyos." At may isang Anghel na nanaog, kumuha ng Apoy, ng banal na Apoy mula sa altar ng Diyos, at binago Niya ang kaniyang bibig, mula sa bibig ng isang ligaw na tao patungo sa bibig ng isang propetang may ITO ANG SABI NG PANGINOON, ang kapangyarihan ng Diyos na bumago. 260

Sandaan at dalawampung mangingisda at mga manlalako ng mga tela, mga kababaihan, at iba pa ang nagtipun-tipon sa isang mataas na silid at kanilang isinara ang mga pintuan, ang ilan sa kanila ay walang sapat na pinag-aralan upang makapirma ng kanilang pangalan. Binago sila ng Diyos mula sa pagiging mga mangingisda tungo sa mga mamamalakaya ng mga tao; mula sa

mga lalaki at babaeng kalye patungo sa pagiging mga banal ng Diyos, mga imortal. Ang kapangyarihan ng Diyos na bumago . . .

120 Si Pablo, miyembro ng isang iglesiang lokal, Presbyterian, Methodist, Baptist, Pentecostal, o iba pa; humayo siya sa kalsada taglay ang mapagsalangsang na espiritu, na mas higit ang nalalaman niya kaysa sa kanino man sa kanila. Galing siya sa pagsasanay ni Gamaliel, isa sa mga pinakamahusay na guro sa lupain nung panahong iyon. Anong nangyari sa paglalakbay niya patungong Damascus, upang hulihin ang isang lupon ng mga taong naniniwala sa Salita ng Diyos? Sa paglalakbay niya, nabuwal siya, at nakarinig siya ng isang mensahe. At binago siya nito mula sa pagiging isang miyembro ng simbahan at isang maninimba, patungo sa pagiging propeta ng Diyos, na siyang sumulat ng Salita ng Diyos sa Bagong Tipan. Mula sa pagiging miyembro ng simbahan patungo sa pagiging santo . . .

121 Sa buong lupaing nararating ng brodkas na ito kung kayo'y nakikinig pa rin, kayong mga napagawi sa lugar na ito, nakikiusap akong maupo lang kayo sumandali pa. Alam kong tanghali na rito sa Tucson, sana'y mapagpaumanhinan n'yo ako, Phoenix, alas dose bente na. Napagtagal ko na ang mga taong ito rito buong umaga. Hindi na kayo nakapasok sa inyong trabaho at iba pa. Ngunit tignan mo, mahal na kaibigan, maaari kang malayo sa Diyos magpakailan man. Isinasamo kong bumalik ka na ngayong umaga, maaari ba? May lugar pa sa Bukal. 264 In a manger long ago, I know it's really so, A Babe was born to save men from their sin. John saw Him on the shore, the Lamb forevermore, Oh, Christ, the Crucified of Calvary. Oh, I love that Man from Galilee, from Galilee, For He's done so very much for me. He's forgiven all my sins, Placed the Holy Ghost within; Oh, I love, I love that Man from Galilee. A Publican went to pray in the temple there one day, He cried, “Oh Lord, be merciful to me!” He was forgiven of every sin, And a deep peace placed within; He said, “Come, see this Man from Galilee.”

(Tama.) The lame was made to walk, the dumb was made to talk, That power was spoken with love upon the sea; The blind was made to see, I know it could only be The mercy of that Man from Galilee. Type that with the ministry today. The woman at the well, He all her sins did tell, How five husbands she had at that time. She was forgiven of every sin, And a deep peace placed within; She cried, “Come, see this Man from Galilee!”

122 Babae, Kaniyang . . . ? . . . kasalanan, nabasa Niya ang iyong puso ngayong umaga. Lalaki, nabasa Niya ang iyong puso. Oh, publikano, manalangin tayo. Oh, I love that Man from Galilee, from Galilee, For He's done so very much for me. He's forgiven all my sins, Placed the Holy Ghost within; Oh, I love, I love that Man from Galilee. 266 Maaari bang magkakasama natin Siyang mahalin ngayong umaga? Oh, masuwayin, at naggagalang makasalanan, dito man o saan ka man naroroon, tatanggapin mo ba Siya ngayong umaga? Siya ang Salita, at ang Salita ay naihatid sa iyo. Hindi mo ba Siya tatanggapin ngayong umaga? Maaari bang itaas n'yo lang ang inyong mga kamay, o kaya'y magsitayo kayo, o anuman, at manalangin kayo, na nagsasabi, “Nais ko nang tanggapin Siya ngayon. Kapatid, handa na ako; nais ko na Siyang tanggapin ngayon din.” Maaari bang magsitayo kayo, sinumang nais na maipanalangin, ay magsabing, “Ako'y . . .”, “Ako'y makasalanan. Nais kong . . .” Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. May iba pa ba? Ang bawat isa ay manalangin ngayon, sa isang saglit lamang. Oh, in that manger long ago, (Nasa kaguluhan, alam n'yo na, ang sanlibutan noon.), and I know it's really so, A little Babe was born to save man from their sins. When John saw Him on the shore,

He was that Lamb forevermore, (Siya pa rin Iyon sa araw na ito.) Oh, He's Christ, the Crucified of Calvary.

123 Hindi n'yo ba nais na mahalin Siya nang buong puso n'yo, upang makalabas na kayo sa makamundong kundisyong ito na kinasasadlakan n'yo? Kayong mga kababaihan, kayong mga kalalakihan, oh, bakit kayo umupo rito sa buong panahong ito? Nagpapakita itong may kung anong bagay na nasa kalooban n'yo; may kung anong bagay diyan na nagugutom at nauuhaw. Hindi kayo uupo rito nitong dalawa o tatlong oras, na nakaupo sa ganitong gusali; may kung anong bagay. Hindi n'yo ba nais na pakinggan iyon sa araw na ito? Hayaan n'yong mapawi na ang mga moda at siyensiya, at lahat ng mga bagay ng sanlibutang ito sa inyong pag-iisip ngayon din, mahal na kapatid na lalaki o babae. The churches are uniting, The great nations are breaking, Israel is awakening, The signs that the prophets foretold; The Gentile days numbered, with horrors encumbered; “Return, O dispersed, to your own.” The day of redemption is near. Men's hearts are failing for fear; Be filled with the Spirit, Have your lamps trimmed and clear, Look up, your redemption is near False prophets are lying, God's Truth they're denying, That Jesus the Christ is our God.

124 Ngayon, totoo 'yan. Alam nating lahat iyan, ang araw na kinabubuhayan natin . . . Ngunit sinabi Niya. 269 It shall be Light about the evening time, The way to Glory you will surely find. Iyan ang araw

na kinabubuhayan natin ngayon. Ang Liwanag ay sisinag sa gabi kapag magtatakip-silim na, ang panggabing tala. Twilight and evening star, And after that the dark!

May there be no sadness of farewell, When I'm at last embarked; For all without is bourne of time and space, And the floods may bear me far, But I want to see my Pilot face to face When I've crossed the bar. Tell me not, in mournful numbers, That life is just an empty dream! And the soul is dead that slumbers, And things are not what they seem. Yea, life is real! And life is earnest! And the grave is not its goal; For dust thou art, to dust returnest, Was not spoken of the soul. Lives of great men all remind us, And we can make our lives sublime, And, partings, leave behind us, Footprints on the sands of time; Footprints, that perhaps another, While sailing over life's solemn main, A forlorn and shipwrecked brother, In seeing, shall take heart again. Let us be up, then, and doing, With a heart for any strife; Be not like dumb, driven cattle! Be a hero in the...

125 Mahal na Diyos, sila ay sa Iyo na. Nakakita ako ng dalawang lalaking tumayo, Ama. Idinadalangin ko, Diyos, na Iyo silang tanggapin ngayon. Nais nilang maging mga anak Mo. Nagising sila sa kamangmangan ng buhay na kanilang ipinamuhay, at ngayon nais nilang mapanariwa, mabago, ng Espiritu Santong naidilig sa Binhing naitanim sa kanilang mga puso sa araw na ito. Walang Hanggang Ama, ang Manlilikha ng lahat ng mga bagay, na lumikha

ng Iyong Salita, at naniniwala akong alam Mo na dati pa na gagawin ito ng mga lalaking ito ngayong umaga. Idinadalangin ko, Panginoon, na Iyong diligan ang Salitang iyon araw at gabi, at huwag mong tulutang kunin ito ni Satanas mula sa Iyong mga kamay. Nawa'y maging isang punong kahoy ito na dating nasa Paraiso ng Diyos, kapag naipanumbalik na ang lahat, sapagkat ang Iyong Salita ay hindi maaaring mabigo, mangyayari iyon muli. Sapagkat ang mundong ito'y . . .

126 At hindi magkakaroon ng ganitong uri ng sibilisasyon sa mundong darating. Hindi magkakaroon ng mga awto o anumang nagawa ng siyensiya. Hindi magkakaroon ng gayong mga bagay sa mundong darating. Kundi isang sibilisasyong ayon sa tipo ng Diyos ang Kaniyang itatatag sa maluwalhating paghahari. Sapagkat sa sibilisasyong ito ay may karamdaman, kamatayan, kalungkutan, mga libingan, pangangailangan. Ngunit sa Kahariang iyon na darating, wala nang kamatayan, wala nang kalungkutan, wala nang karamdaman, walang katandaan. O Diyos, magiging bago doon sa Iyong sibilisasyon. 272 Diyos, baguhin n'yo kami sa araw na ito, sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan, sa pamamagitan ng pagbabago ng aming mga pag-iisip mula sa kakaunting mga elemento ng sanlibutang ito ngayon, tungo sa Salita ng Diyos. At nawa'y mabago kami sa pamamagitan ng kapangyarihang bumago ng Diyos na nakalukob sa Binhing nasa aming puso, na aming pinaniniwalaan, patungo sa pagiging mga nilalang na kung tawagin ay mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Ito ang aking panalangin sa Iyo, Ama, para sa mga tao, sa Ngalan ni Jesus. Amen.

127 Ngayon, sa inyo na nasa brodkas, saan man kayo naroroon, nais kong tanggapin n'yo si Cristo diyan sa kinaroroonan n'yo, bilang personal ninyong Tagapagligtas at kayo'y mapuspos ng Kaniyang Espiritu. Ang mga salitang nabanggit ngayong umaga, nawa'y mahulog sa inyong puso. At doon ay tanggapin n'yo nawa si Jesus. At bantayan n'yo ang inyong buhay, at tignan n'yo kung anong ipamumuhay n'yo matapos ito. At tanggapin n'yo ang Panala ng taong nag-iisip na naririto. Kapag nakita n'yong gumagawa kayo ng isang bagay na salungat sa Salitang ito, layuan n'yo ito, nang mabilis. Kita n'yo? Sapagkat may Panalang naglalayo sa inyo sa kamatayan; iyan ay ang Salita ng Diyos. Ang Kaniyang mga Salita ay Buhay, at ilalayo kayo nito sa kamatayan.

128 Sa inyong mga taong naririto ngayon sa awditoryum, pinagtagal ko kayo rito. Pinasasalamatan ko kayo sa inyong pagdalo. At idinadalangin kong huwag hayaan ng Diyos na mamatay ang Binhing ito. Sana'y hindi n'yo iniisip na tumatayo ako rito para lang magsabi ng mga bagay upang maging

iba. Sinabi ko iyon dahil sa pag-ibig at dahil nalalaman kong habang mortal pa ako, tulad ngayon, ito ang tanging pagkakataon na maaari akong makapangaral sa mga tao. At mahal ko si Jesus Cristo. Siya ang aking Tagapagligtas. At alalahanin n'yo, sana'y nasa lansangan na ako kung hindi dahil sa Kaniya. Sana'y naroon na ako; lahat ng mga magulang ko, lahat ng mga kamag-anak ko ay mga makasalanan. Ngunit ang Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang kapangyaring bumago, alam kong ginawa Niya akong ibang nilikha. At maaari ko Itong irekumenda sa inyo bilang isang mabuting bagay. At iingatan kayo nito sa oras ng kabagabagan. Maging kapag ang kamatayan ay nasa pintuan na, wala kang katakutan. “Walang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos, na nakay Cristo.” Pagpalain nawa ng Diyos ang bawat isa sa inyo at bigyan kayo ng Buhay na Walang Hanggan.

129 Ilan ba rito ang wala pang Binhi ng Diyos, ang bautismo ng Espiritu Santo? Maaari bang pakitaas n'yo lang ang inyong kamay, at sabihin n'yo, “Alalahanin mo ako, Brother Branham, na aking matanggap ang Espriritu Santo.” 276 Ngayon, tanggapin n'yo ang Salita sa inyong puso at sampalatayanan. Ngayon, kung kayo'y . . . Maaari n'yong tignan ang inyong . . . Humayo kayo at tumingin kayo sa salamin, at makikita n'yo kung saan kayo naroroon. Kita n'yo, maaari n'yong malaman. 277 Sasabihin mo, “Buweno, hindi ko itinaas ang kamay ko, sapagkat sa paniwala ko mayroon na akong . . .” Tignan mo ang iyong

sarili sa salamin, at makikita mo kung anong uri ng espiritu ang dumadaya sa iyo (Kita n'yo?): nadaya sa pag-iisip. "May daan na tila tama sa tao, ngunit ang dulo niyon ay mga daan ng kamatayan." Tama ba iyon? 278 Down at the cross where my Saviour died, Down there for cleansing from sin I cried; Oh, there to my heart was the Blood applied; Glory..."

130 (Ipikit n'yo lang ang inyong mga mata sumandali, at awitin n'yo iyan sa Kaniya. Itaas lang nating ang ating mga kamay.) Glory to His Name, (sa Kaniyang mahal na Pangalan!) Glory to His Name! There to my heart was the Blood applied; Glory to His...

Nais kong kayong mga Cristiano ay magkamayan sa isa't isa at magsabing . . . I am so wondrously saved from sin, Jesus so sweetly abides within, There at the cross where He took me in; Glory to His Name! Glory to His Name, (mahal na Pangalan!) Glory to His Name! Oh, there to my heart was the Blood applied; Glory to His...

131 Ang Dugo ang nagtataglay ng binhi ng Buhay, alam n'yo iyan. Ito ay para sa mga hindi nakakikilala sa Kaniya. Oh, come to this Fountain so rich and sweet; Cast thy poor soul at the Saviour's feet; Oh, plunge in today, and be made complete; Glory to His Name! Oh, glory to... (Magsiyuko tayo habang inaawit natin.) Glory to His Name! There to my heart was the Blood applied; Glory to His Name!

132 Mahal n'yo ba Siya? Ang sabi ni Pablo, "Aawit ako sa Espiritu. Sasamba ako sa Espiritu." Awitin natin itong muli nang marahang-marahan habang nakataas ang ating mga kamay. 282 Alam n'yo, ang problema, tayong mga Pentecostal, naiwala na natin ang ating kagalakan; naiwala na natin ang ating mga emosyon. Tulad ng sabi ni Billy Graham nung nakaraan gabi, "Ang mga mangangaral na iyon, na nakabaliktad ang kuwelyo, papunta sa timog, pumapalakpak, at naglulundag at nagpapapadyak, mayroon silang kinagagalakan." Buweno, oo, mayroon akong Isang Bagay na kinagagalakan. Kita n'yo, kita n'yo? Siyanga. Siyanga, naiwala na natin ang ating mga emosyon. 283 Ngayon, itaas lang natin ang ating mga kamay. Huwag n'yo alalahanin ang mga luha; hindi ito makapipinsala. Kita n'yo? Hindi iyan . . . Alam n'yo ang humahayo nang tumatangis, ay walang pagsalang magbabalik, na may dalang mahahalagang tangkas. Tama.

Glory to His Name, (mahal na Pangalan!) Glory to His Name! There to my heart was the Blood applied; Glory to His Name! Glory to His... (O Diyos. Purihin ang Diyos.) Glory to His Name! (Ibaon Mo po ang Binhi, Panginoon, sa puso.) ... To my heart was the Blood applied; Glory to His Name!

MESSAGE hub online

www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7